

PASABI NG PAMPATAKARANG MGA PANANGGALANG

para sa mga Magulang at Mag-aaral

Sa Ilalim ng Batas ng Edukasyon ng mga Taong May Kapansanan at Batas at Mga Regulasyon ng Hawaii (The Individuals With Disabilities Education Act and Hawaii Law and Regulations)¹

May 2022

This document is available electronically at:

<https://www.hawaiipublicschools.org/TeachingAndLearning/SpecializedPrograms/SpecialEducation/Pages/Special-Education-Rights.aspx>

¹Batay sa Modelong Pormularyo ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos:
Pasabi ng Pampatakarang mga Pananggalang
(U.S. Department of Education's Model Form: Procedural Safeguards Notice)

Binago Agosto 2011

Ang Batas ng Edukasyon para sa mga Indibiduwal na May Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act) (IDEA), ang Pederal na batas, at ang mga batas at regulasyon ng Hawaii (Mga Alituntuning Administratibo ng Hawaii [Hawaii Administrative Rules], Titulo 8, Kabanata 60, Pagkakaloob ng Libreng Naaangkop na Pamublikong Edukasyon para sa Mag-aaral na May Kapansanan [Title 8, Chapter 60, Provision of a Free Appropriate Public Education for a Student with a Disability]) ukol sa edukasyon ng mga mag-aaral na may mga kapansanan, ay nag-aatas sa mga paaralan na magkaloob sa inyo, na mga magulang ng mag-aaral na may kapansanan, ng pasabi na naglalaman ng buong paliwanag ng mga pampatakarang mga pananggalang na mayroon sa ilalim ng IDEA at mga regulasyon ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos (U.S. Department of Education), at batas at mga regulasyon ng Hawaii (HAR §8-60-59). Ang kopya ng pasabing ito ay dapat ibigay ng paaralan sa inyo lamang ng isang beses sa isang taon ng paaralan, maliban kung ang kopya ay dapat ding ibigay sa inyo: (1) sa unang pagsangguni o sa inyong kahilingan para sa pagtataya; (2) sa pagkatanggap ng inyong unang reklamo sa Estado (sa ilalim ng 34 CFR §§300.151 hanggang sa 300.153 at HAR §8-60-52 hanggang sa 8-60-54) at sa pagkatanggap ng inyong unang marapat na pagdinig sa reklamo (sa ilalim ng 34 CFR §300.507 at HAR §8-60-61) sa taon ng paaralan; (3) kapag gumawa ng desisyon upang magsagawa ng aksiyong pandisiplina laban sa inyong anak na magdudulot ng pagbabago ng pagpupuwesto; at (4) sa inyong kahilingan [34 CFR §300.504(a) at HAR §8-60-59(a)].

Kabilang sa pasabi ng pampatakarang mga pananggalang ang buong paliwanag ng lahat ng pampatakarang mga pananggalang sa ilalim ng:

34 CFR §300.148 at HAR §8-60-27 (aprobado ng isang panig lamang na pagpupuwesto ng mag-aaral sa pribadong paaralan sa gastos ng publiko),

34 CFR §§300.151 hanggang sa 300.153 at §§8-60-52 hanggang sa 8-60-54 (mga patakaran ng reklamo sa Estado),

34 CFR §300.300 at HAR §8-60-31 (pahintulot ng magulang),

34 CFR §§300.502 at 300.503 at HAR §§8-60-44 hanggang sa 8-60-57 (Independiyenteng Pang-edukasyong Pagtataya) at HAR §8-60-58 (naunang nakasulat na pasabi),

34 CFR §§300.505 hanggang sa 300.518 at HAR §§8-60-60 hanggang sa 8-60-72 (iba pang pampatakarang mga pananggalang),

34 CFR §§300.530 hanggang sa 300.536 at HAR §§8-60-75 hanggang sa 8-60-81 (mga patakaran sa pagdisiplina), at

34 CFR §§300.610 hanggang sa 300.625 at HAR §8-60-84 (pagiging kompidensiyal ng impormasyon).

Mga Nilalaman

Pangkalahatang Impormasyon.....	1
Naunang Nakasulat na Pasabi.....	1
Katutubong Wika---Kahulugan	2
Pahintulot ng Magulang—Kahulugan	2
Pahintulot ng Magulang.....	3
Mga Independiyenteng Pagtatayang Pang-edukasyon.....	6
Pagiging Kompidensiyal ng Impormasyon	8
Mga Kahulugan	8
Personal na Makikilala	8
Pasabi sa Magulang.....	9
Mga Karapatan sa Paggamit.....	9
Paggamit ng Talaan	10
Mga Talaan ng Higit sa Isang Mag-aaral.....	10
Listahan ng mga Uri at Kinaroroonan ng Impormasyon	10
Mga Bayad	10
Pagsusog sa mga Talaan sa Kahilingan ng Magulang.....	11
Pagkakataon para sa Isang Pagdinig.....	11
Mga Patakaran ng Pagdinig	11
Resulta ng Pagdinig	11
Pahintulot sa Pagbubunyag ng Makikilalang Personal na Impormasyon	12
Mga Pananggalang	12
Pagsira ng Impormasyon	12
Mga Patakaran ng Estado sa Reklamo	14
Mga Kaibahan sa Pagitan ng mga Patakaran para sa mga Marapat na Reklamo at Pagdinig at para sa mga Reklamo sa Estado.....	14
Pagpapatibay ng mga Patakaran ng Reklamo sa Estado	14
Pinakamababang mga Patakaran ng Reklamo sa Estado	15
Paghahain ng Reklamo sa Estado	16
Mga Patakaran ng Marapat na Reklamo	18
Paghahain ng Marapat na Reklamo	18
Marapat na Reklamo	18
Mga Modelong Pormularyo	20
Pamamagitan	21
Proseso ng Resolusyon	22
Mga Pagdinig sa Marapat na Reklamo.....	25
Walang Pinapanigang Marapat na Pagdinig	25
Mga Karapatan sa Pagdinig	26
Mga Desisyon ng Pagdinig.....	27

Mga Apela.....	29
Ang Kahuli-hulihang Desisyon; Apela; Walang Pinapanigang Pagrepaso.....	29
Mga Itinakdang Panahon at Kaginhawahan ng mga Pagdinig at Pagrepaso	29
Mga Aksiyong Sibil, Kabilang ang Takdang Panahon Kung Kailan Maghahain ng mga Aksiyong Iyon	30
Ang Pagpupuwesto sa Mag-aaral Habang Hindi pa Tapos ang Marapat na Reklamo at Pagdinig	31
Bayad sa Abogado	32
Mga Patakaran Kapag Nagdidisiplina ng mga Mag-aaral na May mga Kapansanan	35
Kapangyarihan ng Tauhan ng Paaralan	35
Pagbabago ng Pagpupuwesto Dahil sa Pandisiplinang Pag-aalis.....	39
Pagpapasiya sa Lugar na Pagpupuwestuhan	39
Apela	39
Pagpupuwesto Habang May mga Apela	41
Mga Proteksiyon para sa mga Mag-aaral na Hindi Pa Karapat-dapat para sa Natatanging Edukasyon at mga Kaugnay na Serbisyo	41
Pagsangguni at Aksiyon ng Nagpapatupad ng Batas at mga Awtoridad ng Hukuman	42
Mga Pangangailangan para sa Isang Panig na Pagpupuwesto ng mga Magulang ng mga Mag-aaral sa mga Pribadong Paaralan sa Gastos ng Publiko.....	43
Pangkalahatan	43
Paglilipat ng mga Karapatan.....	45

PANGKALAHATANG IMPORMASYON**NAUNANG NAKASULAT NA PASABI****34 CFR §300.503**

HAR §8-60-58

Pasabi

Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Hawaii (Hawaii Department of Education) (Kagawaran) ay dapat magbigay sa inyo ng nakasulat na pasabi (magkakaloob sa inyo ng ilang impormasyong nakasulat), sa loob ng sapat na panahon bago ito:

1. Magmungkahing pasimulan o baguhin ang pagkakakilanlan, pagtataya, o pang-edukasyong pagpupuwesto ng inyong anak, o ang pagkakaloob ng libreng angkop na pampublikong edukasyon (free appropriate public education) (FAPE) sa inyong anak; **o**
2. Tumangging pasimulan o baguhin ang pagkakakilanlan, pagtataya, o pang-edukasyong pagpupuwesto ng inyong anak, o ang pagkakaloob ng FAPE sa inyong anak.

Nilalaman ng pasabi

Ang nakasulat na pasabi ay dapat:

1. Maglarawan ng aksiyong iminumungkahi o tinatanggihang gawin ng Kagawaran;
2. Magpaliwanag kung bakit iminumungkahi o tinatanggihang ng Kagawaran na gawin ang aksiyon;
3. Maglarawan ng bawat patakaran sa pagtataya, pagtatasa, pagtatala, o pag-uulat na ginamit ng Kagawaran sa pagpapasiya upang magmungkahi o tumanggi sa aksiyon;
4. Maglagay ng pahayag na mayroon kayong mga proteksiyon sa ilalim ng mga probisyon sa pampatakarang mga pananggalang na nasa Bahagi B (Part B) ng Batas ng Edukasyon ng mga Indibiduwal na May Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act) (IDEA) at batas at mga regulasyon ng Hawaii para sa natatanging edukasyon (HAR 8-60), at kung ang pasabing ito ay hindi isang unang pagsangguni para sa pagtataya, ang mga paraan para makakuha ng kopya ng HAR §8-60-59 (pasabi sa pampatakarang mga pananggalang);
5. May nakalagay na mga sangguniang makokontak ninyo upang tumulong na maunawaan ang Bahagi B (Part B) ng IDEA at mga probisyon ng HAR8-60.
6. Maglarawan ng anumang iba pang opsiyong isasaalang-alang ng Pangkat ng Programang Edukasyong Pang-indibiduwal [Individualized Education Program (IEP) Team] ng inyong anak at ang mga dahilan kung bakit ang mga opsiyong ito ay hindi tinanggap; **at**
7. Magbigay ng paglalarawan ng iba pang dahilan kung bakit ang Kagawaran ay nagmungkahi o tumanggi sa aksiyon.

Pasabi na nasa nauunawaang lengguwahe

Ang pasabi ay dapat:

1. Nakasulat sa lengguwaheng nauunawaan ng pangkalahatang publiko; **at**

2. Nakalagay sa inyong katutubong wika o sa iba pang uri ng komunikasyong inyong ginagamit, maliban kung maliwanag na hindi ito maaaring magawa.

Kung ang inyong katutubong wika o iba pang uri ng komunikasyon ay hindi nakasulat na lengguwahe, dapat tiyakin ng Kagawaran na:

1. Ang pasabi ay isinalin para sa inyo nang pasalita o sa pamamagitan ng ibapang paraan sa inyong katutubong wika o sa iba pang uri ng komunikasyon;
2. Nauunawaan ninyo ang nilalaman ng pasabi; **at**
3. May nakasulat na ebidensiya na ang mga pangangailangan sa mga talata 1 at 2 ay natugunan.

KATUTUBONG WIKA - KAHULUGAN

34 CFR §300.29

HAR §8-60-2

Ang *katutubong wika*, kapag ginamit hinggil sa isang indibiduwal na limitado ang kakayahan sa wikang Ingles, ay nangangahulugan ng sumusunod:

1. Ang lengguwaheng karaniwang ginagamit ng taong iyon, o, sa kaso ng isang mag-aaral, ang lengguwaheng karaniwang ginagamit ng mga magulang ng mag-aaral;
2. Sa lahat ng diretsong pakikipau-ugnayan sa isang mag-aaral (kabilang ang pagtataya sa mag-aaral), ang lengguwaheng karaniwang ginagamit ng mag-aaral sa tahanan o sa kapaligiran kung saan siya natututo.

Para sa isang taong bingi o bulag, o para sa isang taong walang nakasulat na lengguwahe, ang uri ng komunikasyon ay kung ano ang karaniwang ginagamit ng tao (gaya ng sign language, Braille, o pasalitang komunikasyon).

PAHINTULOT NG MAGULANG - KAHULUGAN

34 CFR §300.9

HAR §8-60-2

Ang ibig sabihin ng *pahintulot* ay:

1. Ganap na ipinaalam sa inyo gamit ang inyong katutubong wika o iba pang uri ng komunikasyon (gaya ng sign language, Braille, o pasalitang komunikasyon) ang lahat ng impormasyon tungkol sa aksiyong inyong binibigyan ng pahintulot.
2. Nauunawaan ninyo at sumasang-ayon kayo ng nakasulat sa aksiyong iyon, at ang pahintulot ay naglalarawan ng aksiyong iyon at naglilista ng mga tala (kung mayroon man) na ipapalabas at kung para kanino iyon; **at**
3. Nauunawaan ninyo na ang pahintulot ay boluntaryo sa inyong panig at maaari ninyong bawiin ang inyong pahintulot anumang oras.

Kung nais ninyong pawalang-saysay (kansilahin) ang inyong pahintulot matapos na magsimula nang tumanggap ang inyong anak ng natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, dapat ninyong gawin ito sa pamamagitan ng sulat. Ang pagbawi ng inyong pahintulot ay hindi nagpapawalang-bisa (nagtatanggal) sa aksiyon na naganap matapos ninyong ibigay

ang inyong pahintulot kundi nang bago ninyo binawi ito. Bilang karagdagan, ang paaralan ay hindi inaatasan na palitan (baguhin) ang mga talaan ng edukasyon ng inyong anak upang alisin ang anumang mga sanggunian na nagsasabing tumanggap ang inyong anak ng natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo matapos ninyong bawiin ang pahintulot.

PAHINTULOT NG MAGULANG**34 CFR §300.300**

HAR §8-60-31

Pahintulot para sa unang pagtataya

Ang Kagawaran ay hindi maaaring magsagawa ng unang pagtataya sa inyong anak upang tiyakin kung ang inyong anak ay karapat-dapat sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA na tumanggap ng natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo nang hindi muna nagkaloob sa inyo ng naunang nakasulat na pasabi (prior written notice) (PWN) ng iminungkahing aksiyon at hanggang hindi pa nakukuha ang inyong pahintulot (kapag ang mga pagtatasa ay kinakailangan bilang bahagi ng pagtataya) gaya ng inilalarawan sa ilalim ng mga pamagat na **Naunang Nakasulat na Pasabi** at **Pahintulot ng Magulang**.

Ang Kagawaran ay dapat gumawa ng sapat na mga pagsisikap upang makuha ang inyong pahintulot batay sa nalalaman para sa unang pagtataya upang mapagpasiyahan kung ang inyong anak ay isang mag-aaral na may kapansanan.

Ang inyong pahintulot sa unang pagtataya ay hindi nangangahulugang nagbigay rin kayo ng pahintulot sa paaralan na magsimulang magkaloob sa inyong anak ng natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo.

Hindi maaaring gamitin ng Kagawaran bilang batayan ang inyong pagtanggap na sumang-ayon sa isang serbisyo o aktibidad na kaugnay ng unang pagtataya para tanggihan kayo o ang inyong anak ng anumang iba pang serbisyo, benepisyo, o aktibidad, maliban kung inaatas ng isa pang kinakailangan sa Bahagi B (Part B) ng IDEA na gawin ito ng Kagawaran.

Kung ang inyong anak ay nakatala sa pampublikong paaralan o kayo ay naghahangad na ipatala ang inyong anak sa isang pampublikong paaralan at tumanggap kayong magbigay ng pahintulot o nabigong tumugon sa isang kahilingang magkaloob ng pahintulot sa isang unang pagtataya, ang Kagawaran ay maaari, ngunit hindi inaatasan, na maghangad na magsagawa ng unang pagtataya sa inyong anak sa pamamagitan ng paggamit ng paraan ng pamamagitan ng IDEA o marapat na pagdinig sa reklamo, pulong ng resolusyon, at walang pinapanigang mga patakaran sa marapat na pagdinig. Ang Kagawaran ay hindi lalabag sa mga obligasyon nitong maghanap, makilala at magtaya sa inyong anak kung hindi nito ipagpapatuloy ang pagtataya sa inyong anak sa mga pagkakataong ito.

Mga natatanging alituntunin sa unang pagtataya sa mga alaga ng Estado

Ang *alaga ng Estado*, gaya ng ginamit sa IDEA & HAR 8-60, ay nangangahulugang ang mag-aaral, na sa pagtitiyak ng Estado kung saan naninirahan ang mag-aaral, ay:

1. Ang batang tinatangkilik (foster);
2. Itinuturing na alaga ng Estado sa ilalim ng batas ng Estado; **o**
3. Nasa pangangalaga ng isang pampublikong ahensiya para sa kapakanan ng bata.

May isang eksepsiyong dapat ninyong malaman. Ang *alaga ng Estado* ay hindi kabilang ang batang tinatangkilik (foster child) na may tumatangkilik na magulang (foster parent) na tumutugon sa kahulugan ng isang *magulang* tulad ng ginamit sa IDEA at HAR 8-60.

Kung ang mag-aaral ay nasa pangangalaga ng Estado at hindi naninirahan kasama ng kanyang mga magulang —

Hindi kailangan ng Kagawaran ang pahintulot ng magulang sa unang pagtataya upang matiyak kung ang mag-aaral ay isang mag-aaral na may kapansanan kung:

1. Sa kabila ng sapat na pagsisikap na gawin ito, ay hindi makita ng Kagawaran ang magulang ng mag-aaral;
2. Ang mga karapatan ng mga magulang ay tinapos ayon sa batas ng Hawaii; **o**
3. Ang hukom ay itinalaga ang karapatang gumawa ng mga desisyong pang-edukasyon sa isang indibiduwal na hindi ang magulang at ang indibiduwal na iyon ay nagbigay ng pahintulot sa unang pagtataya.

Pahintulot ng magulang para sa mga serbisyo

Ang Kagawaran ay dapat makuha ang inyong pahintulot batay sa nalalaman bago magkakaloob ng natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa inyong anak sa unang pagkakataon.

Ang Kagawaran ay dapat gumawa ng sapat na mga pagsisikap upang makuha ang inyong pahintulot batay sa nalalaman bago magkakaloob ng natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa inyong anak sa unang pagkakataon.

Kung hindi kayo tumugon sa isang kahilingang magbigay ng inyong pahintulot upang ang inyong anak ay makatanggap ng natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, o kung tumanggi kayong magbigay ng gayong pahintulot o sa bandang huli ay pinawalang-saysay (kinansela) ninyo nang nakasulat ang inyong pahintulot, hindi maaaring hindi gamitin ng Kagawaran ang pampatakarang mga pananggalang (pamamagitan, marapat na pagdinig sa reklamo, pulong ng resolusyon, o walang pinapanigang marapat na pagdinig) upang makuha ang kasunduan o ang desisyon na ang natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo (na inirekomenda ng Pangkat ng IEP ng inyong anak) ay maaaring ipagkaloob sa inyong anak nang walang pahintulot.

Kung tumanggi kayong magbigay ng inyong pahintulot para ang inyong anak ay makatanggap ng natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, o kung hindi kayo tumugon sa isang kahilingang magkaloob ng gayong pahintulot o sa bandang huli ay pinawalang-saysay (kinansela) nang nakasulat ang inyong pahintulot at ang Kagawaran ay hindi nagkakaloob sa inyong anak ng natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo na humihingi ng inyong pahintulot, ang Kagawaran ay:

1. Hindi lumalabag sa pangangailangan na mapakinabangan ang FAPE ng inyong anak dahil sa kabiguan nitong ipagkaloob ang mga serbisyong iyon sa inyong anak; **at**
2. Hindi kinakailangang magpulong ang IEP o bumuo ng IEP para sa inyong anak para sa natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo na nangangailangan ng inyong pahintulot.

Kung pawawalang-saysay (kakansilahin) ninyo nang nakasulat ang inyong pahintulot sa anumang panahon matapos na ang inyong anak ay unang pinagkalooban ng natatanging

edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, kung gayon ay maaaring hindi ipagpatuloy ng Kagawaran na magkaloob ng mga gayong serbisyo, ngunit dapat bigyan kayo ng PWN, gaya ng inilalarawan sa ilalim ng pamagat na **Naunang Nakasulat na Pasabi**, bago ihinto ang mga serbisyong ito.

Pahintulot ng magulang para sa mga muling pagtataya

Ang Kagawaran ay dapat makuha ang inyong pahintulot batay sa nalalaman bago nito gawin ang muling pagtataya sa inyong anak, maliban kung mapapatunayan ng Kagawaran na:

1. Nagsagawa ng mga karampatang hakbang upang makuha ang inyong pahintulot para sa muling pagtataya ng inyong anak; **at**
2. Hindi kayo sumagot.

Kung hindi ninyo pinahintulutan ang muling pagtataya sa inyong anak, ang Kagawaran ay maaari, ngunit hindi inaatasan, na ipagpatuloy ang muling pagtataya sa inyong anak gamit ang pamamagitan, marapat na reklamo, pulong ng resolusyon, at walang pinapanigang mga patakaran ng marapat na pagdinig upang sikaping mapawalang-bisa sa inyong pagtanggap pahintulutan ang muling pagtataya sa inyong anak. Katulad ng mga unang pagtataya, ang Kagawaran ay hindi lumalabag sa mga obligasyon nito sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA kung tumanggi ito na ipagpatuloy ang muling pagtataya sa ganitong paraan.

Dokumentasyon ng sapat na mga pagsisikap upang makuha ang pahintulot ng magulang

Ang inyong paaralan ay dapat magpanatili ng dokumentasyon ng sapat na mga pagsisikap upang makuha ang inyong pahintulot sa mga unang pagtataya, magkaloob ng natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, para sa muling pagtataya, at matagpuan ang mga magulang ng mga alaga ng Estado para sa mga unang pagtataya. Ang dokumentasyon ay dapat magsama ng talaan ng mga pagtatangka ng Kagawaran sa mga larangang ito, gaya ng:

1. Mga detalyadong talaan ng mga tawag sa telepono na ginawa o tinangka at ang mga resulta ng mga tawag na iyon;
2. Mga kopya ng liham na ipinadala sa inyo at anumang mga sagot na natanggap; **at**
3. Mga detalyadong talaan ng mga pagbisitang ginawa sa inyong tahanan o lugar ng trabaho at ang mga resulta ng mga pagbisitang iyon.

Iba pang kinakailangan sa pahintulot

Ang inyong pahintulot ay hindi kailangan bago ang Kagawaran ay:

1. Makapagrepaso ng kasalukuyang datos bilang bahagi ng pagtataya o muling pagtataya sa inyong anak; **o**
2. Makapagbigay sa inyong anak ng isang pagsusulit o iba pang pagtataya na ibinibigay sa lahat ng mag-aaral maliban kung, bago ng pagsusulit o pagtatayang iyon, ang pahintulot ay hinihingi mula sa mga magulang ng lahat ng mag-aaral.

Kung ipinatala ninyo ang inyong anak sa isang pribadong paaralan sa sarili ninyong gastos o kung pinag-aaral ninyo sa tahanan (home school) ang inyong anak, at hindi kayo nagbibigay ng pahintulot para sa unang pagtataya sa inyong anak o muling pagtataya sa inyong anak, o nabigo kayong tumugon sa isang kahilingang magbigay ng pahintulot, ang Kagawaran ay hindi

maaaring gamitin ang mga patakaran para sa paglutas ng pagtatalo (pamamagitan, marapat na pagdinig sa reklamo, pulong ng resolusyon, o walang pinapanigang marapat na pagdinig) at hindi inaatasan na ibilang ang inyong anak na karapat-dapat tumanggap ng mga karampatang serbisyo (mga serbisyong ipinagkakaloob sa ilang may kapansanang mag-aaral na ipinasok ng magulang sa pribadong paaralan).

MGA INDEPENDIYENTENG PAGTATAYANG PANG-EDUKASYON

34 CFR §300.502

HAR §8-60-57

Pangkalahatan

Tulad ng inilarawan sa ibaba, may karapatan kayong kumuha ng isang independiyenteng pagtatayang pang-edukasyon (independent educational evaluation) (IEE) para sa inyong anak kung hindi kayo sumasang-ayon sa pagtataya sa inyong anak na nakuha ng Kagawaran.

Kung humiling kayo ng IEE, ang Kagawaran ay dapat magbigay sa inyo ng impormasyon tungkol sa kung saan kayo maaaring makakuha ng IEE at tungkol sa mga pamantayan ng Kagawaran na angkop sa mga IEE.

Mga Kahulugan

Ang *independiyenteng pagtatayang pang-edukasyon* ay nangangahulugan ng pagtataya na isinasagawa ng isang kuwalipikadong tagasuri na hindi empleyado ng Kagawaran.

Ang *gastos ng publiko* ay nangangahulugang ang Kagawaran ang nagbabayad ng buong halaga ng pagtataya o tumitiyak na ipinagkakaloob sa inyo ang pagtataya nang walang bayad, na sang-ayon sa mga probisyon ng Bahagi B (Part B) ng IDEA, na nagpapahintulot sa bawat Estado na gamitin ang anumang Estado, lokal, Pederal, at pribadong pinanggagalingan ng suporta na maaaring magamit ng Estado upang matugunan ang mga kinakailangan ng Bahagi B (Part B) ng Batas.

Karapatan sa pagtataya gamit ang gastos ng publiko

Kayo ay may karapatan sa IEE ng inyong anak gamit ang gastos ng publiko kung hindi kayo sumasang-ayon sa pagtataya sa inyong anak na nakuha ng Kagawaran, sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon:

1. Kung humiling kayo ng IEE ng inyong anak gamit ang gastos ng publiko, dapat gawin ng Kagawaran, nang walang hindi kinakailangang pagka-antala, ang alinman sa: (a) Maghain ng marapat na reklamo upang humiling ng pagdinig para ipakita na ang pagtataya nito sa inyong anak ay angkop; o (b) Magkaloob ng IEE na gamit ang gastos ng publiko, maliban kung ipinapakita ng Kagawaran sa isang pagdinig na ang pagtataya sa inyong anak na nakuha ninyo ay hindi tumutugon sa mga pamantayan ng Kagawaran.
2. Kung humiling ang Kagawaran ng pagdinig at ang kahuli-hulihang desisyon ay naaangkop ang pagtataya ng Kagawaran sa inyong anak, may karapatan pa rin kayo sa IEE, ngunit hindi gamit ang gastos ng publiko.
3. Kung humiling kayo ng IEE ng inyong anak, maaaring itanong ng Kagawaran kung bakit kayo tumututol sa pagtataya sa inyong anak na nakuha ng Kagawaran. Gayunman, ang Kagawaran ay hindi maaaring humingi ng paliwanag at hindi maaaring hindi makatwirang mag-antala ng alinman sa pagkakaloob ng IEE ng inyong anak gamit ang gastos ng

publiko o sa paghahain ng marapat na reklamo upang humiling ng marapat na pagdinig para ipagtanggol ang ginawa ng Kagawaran na pagtataya sa inyong anak.

Kayo ay may karapatan sa isa lamang IEE para sa inyong anak gamit ang gastos ng publiko sa bawat pagkakataong nagsasagawa ang Kagawaran ng pagtataya sa inyong anak na hindi ninyo pinahintulutan.

Mga pagtatayang pinasimulan ng magulang

Kung nakuha ninyo ang IEE ng inyong anak gamit ang gastos ng publiko o ibinahagi ninyo sa Kagawaran ang pagtataya sa inyong anak na nakuha ninyo sa pamamagitan ng pribadong gastos:

1. Dapat isaalang-alang ng Kagawaran ang mga resulta ng pagtataya sa inyong anak, kung natutugunan nito ang mga pamantayan ng Kagawaran para sa IEE, sa anumang desisyong ginawa kaugnay ng pagkakaloob ng FAPE sa inyong anak; **at**
2. Kayo o ang Kagawaran ay maaaring iharap ang pagtataya bilang ebidensiya sa isang marapat na pagdinig hinggil sa inyong anak.

Mga kahilingan para sa mga pagtataya ng mga opisyal ng pagdinig

Kung ang opisyal ng pagdinig ay humiling ng IEE ng inyong anak bilang bahagi ng marapat na pagdinig, ang halaga ng pagtataya ay dapat isailalim sa gastos ng publiko.

Mga pamantayan ng Kagawaran

Kung ang IEE ay nasa ilalim ng gastos ng publiko, ang mga pamantayan na pinagkukuhanan ng pagtataya, kabilang ang lugar ng pagtataya at ang mga kuwalipikasyon ng tagasuri, ay dapat kapareho ng mga pamantayan na ginagamit ng Kagawaran kapag pinasimulan nito ang pagtataya (sa lawak na ang mga pamantayang iyon ay sang-ayon sa inyong karapatan sa isang IEE).

Maliban sa mga pamantayang inilalarawan sa itaas, ang Kagawaran ay hindi maaaring magpataw ng mga kondisyon o mga takdang panahon kaugnay ng pagkuha ng IEE gamit ang gastos ng publiko.

PAGIGING KOMPIDENSIYAL NG IMPORMASYON

HAR §8-60-84

ANG MGA MAGULANG, O MAG-AARAL NA EDAD 18 O MAS MATANDA, AY BINIBIGYAN NG MGA KARAPATAN HINGGIL SA MGA TALAAN NG EDUKASYON NG KANILANG ANAK SA ILALIM NG BATAS NG MGA KARAPATANG PANG-EDUKASYON NG PAMILYA AT PAGKA-PRIBADO (FAMILY EDUCATIONAL RIGHTS AND PRIVACY ACT) (FERPA) AT MGA ALITUNTUNIN NG HAWAII KAUGNAY SA PROTEKSIYON NG MGA KARAPATANG PANG-EDUKASYON AT PAGKA-PRIBADO NG MGA MAG-AARAL AT MAGULANG. SA ILALIM NG FERPA AT MGA ALITUNTUNIN NG HAWAII, KAPAG ANG MAG-AARAL AY UMABOT SA 18 TAONG GULANG, ANG MGA KARAPATAN NG MGA MAGULANG HINGGIL SA MGA TALAAN NG EDUKASYON, KABILANG ANG KARAPATAN NG PAHINTULOT NA IPALABAS ANG MGA TALAAN, AY ILILIPAT SA MAG-AARAL.

MGA KAHULUGAN**34 CFR §300.611**

Katulad ng ginamit sa ilaim ng pamagat na **Pagiging Kompidensiyal ng Impormasyon:**

- Ang *pagsira* ay nangangahulugan ng pisikal na pagsira o pag-aalis ng personal na nagpapakilala sa impormasyon upang ang impormasyon ay hindi na personal na makilala.
- Ang *mga talaan ng edukasyon* ay nangangahulugan ng uri ng mga talaan na nasasakop sa ilalim ng kahulugan ng “mga talaan ng edukasyon (education records)” sa 34 CFR Bahagi 99 (Part 99) (ang mga regulasyong nagpapatupad sa FERPA ng 1974, 20 U.S.C. 1232g).
- Ang *kalahok na ahensiya* ay nangangahulugan ng anumang distrito ng paaralan, ahensiya o institusyon na nagkokolekta, nag-iingat, o gumagamit ng makikilalang personal na impormasyon, o kung saan man makukuha ang impormasyon, sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA.

PERSONAL NA MAKIKILALA**34 CFR §300.32**

Ang *personal na makikilala* ay nangangahulugang ang impormasyon na kabilang ang:

1. Ang pangalan ng inyong anak, ang inyong pangalan bilang magulang, o ang pangalan ng isa pang miyembro ng pamilya;
2. Ang tirahan ng inyong anak;
3. Ang personal na nagpapakilala, gaya ng social security number ng inyong anak o student identification number; **o**
4. Ang listahan ng personal na mga katangian o iba pang impormasyon na ginagawang posible na makilala ang inyong anak nang may sapat na katiyakan.

PASABI SA MGA MAGULANG

34 CFR §300.612

Ang Kagawaran ay dapat magbigay ng sapat na pasabi upang ganap na ipaalam sa mga magulang ang tungkol sa pagiging kompidensiyal ng personal na makikilalang impormasyon, kabilang ang:

1. Paglalarawan ng lawak ng mga katutubong lengguwahe mula sa iba't ibang grupo ng populasyon sa Estado na ginamit sa pagpapaabot ng pasabi;
2. Paglalarawan ng mga mag-aaral kung kanino ang personal na makikilalang impormasyon ay iniingatan, ang mga uri ng impormasyong hinahanap, ang mga pamaraan na hangad ng Estado na gamitin sa pangangalap ng impormasyon (kabilang ang mga pinagmulan kung kanino ang impormasyon ay makakalap), at ang mga paggamit na gagawin sa impormasyon;
3. Buod ng mga polisiya at mga patakarang dapat sundin ng mga kalahok na ahensiya hinggil sa pag-iimbak, pagbubunyag sa ikatlong mga partido, pagpapanatili, at pagsira ng personal na makikilalang impormasyon; **at**
4. Paglalarawan ng lahat ng karapatan ng mga magulang at mag-aaral hinggil sa impormasyong ito, kabilang ang mga karapatan sa ilalim ng FERPA at mga regulasyong ipinapatupad nito sa 34 CFR Bahagi 99 (Part 99).

Bago ang anumang pangunahing aktibidad upang makilala, matagpuan, o mataya ang mga mag-aaral na nangangailangan ng natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo (kilala rin bilang “child find” [batang natagpuan]), ang pasabi ay dapat ilathala o ipahayag sa mga pahayagan o iba pang media, o pareho, na may sirkulasyong sapat na makakapagbigay-alam sa mga magulang sa buong Estado sa mga aktibidad na ito.

MGA KARAPATAN SA PAGGAMIT

34 CFR §300.613

Dapat kayong pahintulutan ng kalahok na ahensiya na siyasatin at repasuhin ang anumang mga talaan ng edukasyon hinggil sa inyong anak na nakokolekta, iniingatan, o ginagamit ng Kagawaran sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA. Ang kalahok na ahensiya ay dapat sumunod sa inyong kahilingang siyasatin at repasuhin ang anumang mga talaan ng edukasyon ng inyong anak nang walang hindi kinakailangang pag-antala at bago ng anumang pulong hinggil sa IEP, o ng anumang walang pinapanigang marapat na pagdinig (kabilang ang pulong ng resolusyon o isang pagdinig hinggil sa disiplina), at sa walang pagkakataon na hihigit sa 45 araw ng kalendaryo pagkaraang ginawa ninyo ang kahilingan maliban kung tinukoy sa Mga Alituntuning Administratibo ng Hawaii (Hawaii Administrative Rules) (HAR) hinggil sa Proteksiyon ng mga Karapatang Pang-edukasyon at Pagka-pribado ng mga Mag-aaral at Magulang (Protection of Educational Rights and Privacy of Students and Parents). Kabilang sa inyong karapatang siyasatin at repasuhin ang mga talaan ng edukasyon ay:

1. Ang karapatan ninyo sa isang pagtugon mula sa kalahok na ahensiya ukol sa inyong mga makatwirang kahilingan para sa mga paliwanag at pakahulugan ng mga talaan;
2. Ang karapatan ninyong hilingin na ang kalahok na ahensiya ay magkaloob ng mga kopya ng mga talaan kung hindi ninyo mabisang masisiyasat at marerepaso ang mga talaan maliban kung inyong matatanggap ang mga kopyang iyon; **at**

3. Ang karapatan ninyong siyasatin at repasuhin ng inyong kinatawan ang mga talaan.

Maaaring ipalagay ng kalahok na ahensiya na may kapangyarihan kayong siyasatin at repasuhin ang mga talaan kaugnay ng inyong anak maliban kung sabihin sa inyo na wala kayong kapangyarihan sa ilalim ng angkop na batas ng Estado na nakakasakop sa gayong mga bagay tulad ng pag-aalaga, paghihiwalay, at diborsiyo.

PAGGAMIT NG TALAAN**34 CFR §300.614**

Ang bawat kalahok na ahensiya ay dapat magtago ng isang talaan ng mga partidong kumukuha ng karapatan sa paggamit ng mga talaan ng edukasyon na nakolekta, iningatan, o ginamit sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA (maliban sa karapatang gamitin ng mga magulang at mga awtorisadong kawani ng kalahok na ahensiya), kabilang ang pangalan ng partido, ang petsa kung kailan ibinigay ang karapatan ng paggamit, at ang layunin kung saan ang partido ay awtorisadong gamitin ang mga talaan.

MGA TALAAN NG HIGIT SA ISANG MAG-AARAL**34 CFR §300.615**

Kung sa anumang talaan ng edukasyon ay may kabilang na impormasyon na tungkol sa higit sa isang mag-aaral, ang mga magulang ng mga mag-aaral na iyon ay may karapatang siyasatin at repasuhin lamang ang tanging impormasyon hinggil sa kanilang anak o malaman ang tungkol sa partikular na impormasyong iyon.

LISTAHAN NG MGA URI AT KINARORONAN NG IMPORMASYON**34 CFR §300.616**

Kapag inyong hiniling, ang bawat kalahok na ahensiya ay dapat kayong pagkalooban ng listahan ng mga uri at kinaroroonan ng mga talaan ng edukasyon na nakolekta, itinatago, o ginagamit ng kalahok na ahensiya.

MGA BAYAD**34 CFR §300.617**

Ang bawat kalahok na ahensiya ay maaaring sumingil ng bayad para sa mga kopya ng mga talaang ginawa para sa inyo sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA, kung ang bayad ay hindi mabisang humahadlang sa inyo mula sa pagganap ng inyong karapatan na siyasatin at repasuhin ang mga talaang iyon. Sa ilalim ng kabanata ng HAR hinggil sa Proteksiyon ng mga Karapatang Pang-edukasyon at Pagka-pribado ng mga Mag-aaral at Magulang (Protection of Educational Rights and Privacy of Students and Parents), ang babayaran ay maaaring hindi lalampas sa aktuwal na halaga ng pagkopya at, sa kaso ng pinansiyal na kahirapan, maaaring ipaubaya na lamang ng kalahok na ahensiya ang halaga ng pagkopya.

Ang kalahok na ahensiya ay hindi maaaring sumingil ng bayad para sa paghahanap o muling pagkuha ng impormasyon sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA.

PAGSUSOG SA MGA TALAAN SA KAHILINGAN NG MAGULANG

34 CFR §300.618

Kung naniniwala kayong ang impormasyon hinggil sa inyong anak sa mga talaan ng edukasyon na nakolekta, iniingatan, o ginagamit sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA ay mali, nakakaligaw, o lumalabag sa pagka-pribado o iba pang karapatan ng inyong anak, maaari ninyong hilingin sa kalahok na ahensiya na baguhin ang impormasyon.

Ang kalahok na ahensiya ay dapat magpasiya kung babaguhin ang impormasyon ayon sa inyong kahilingan sa loob ng sapat na panahon ng pagkatanggap ng inyong kahilingan.

Kung tumanggi ang kalahok na ahensiya na baguhin ang impormasyon ayon sa inyong kahilingan, dapat nitong ipaalam sa inyo ang pagtanggap at payuhan kayo ng inyong karapatan sa isang pagdinig na inilarawan sa ilalim ng pamagat na ***Pagkakataon Para sa Isang Pagdinig***.

PAGKAKATAON PARA SA ISANG PAGDINIG

34 CFR §300.619

Sa inyong kahilingan, ang kalahok na ahensiya ay dapat magkaloob sa inyo ng pagkakataon para sa isang pagdinig upang hamunin ang impormasyon sa mga talaan ng edukasyon hinggil sa inyong anak upang matiyak na ito ay hindi mali, nakaliligaw, o kundi man paglabag ng pagka-pribado o iba pang karapatan ng inyong anak.

MGA PATAKARAN NG PAGDINIG

34 CFR §300.621

Ang isang pagdinig para hamunin ang impormasyon sa mga talaan ng edukasyon ay dapat isagawa ayon sa mga patakaran para sa ganoong mga pagdinig sa ilalim ng FERPA at ang kabanata ng HAR hinggil sa Proteksiyon ng mga Karapatang Pang-edukasyon at Pagka-pribado ng mga Mag-aaral at Magulang (Protection of Educational Rights and Privacy of Students and Parents).

RESULTA NG PAGDINIG

34 CFR §300.620

Kung, bilang resulta ng pagdinig, magpasiya ang kalahok na ahensiya na ang impormasyon ay mali, nakaliligaw, o kundi man ay paglabag sa pagka-pribado o sa iba pang karapatan ng inyong anak, dapat nitong baguhin ang impormasyon nang nararapat at ipaalam sa inyo nang nakasulat.

Kung, bilang resulta ng pagdinig, magpasiya ang kalahok na ahensiya na ang impormasyon ay hindi mali, hindi nakaliligaw, o kundi man ay hindi paglabag sa pagka-pribado o iba pang karapatan ng inyong anak, dapat nitong ipaalam sa inyo ang karapatan ninyong ilagay sa mga iniingatan nitong talaan hinggil sa inyong anak ang isang pahayag na nagbibigay ng puna sa impormasyon o nagbibigay ng anumang dahilan kung bakit hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng kalahok na ahensiya.

Ang gayong pagpapaliwanag na inilagay sa mga talaan ng inyong anak ay dapat na:

1. Ingatan ng kalahok na ahensiya bilang bahagi ng mga talaan ng inyong anak habang ang talaan o pinagtatalunang bahagi ay nasa pag-iingat ng kalahok na ahensiya; **at**
2. Kung ibubunyag ng kalahok na ahensiya ang mga talaan ng inyong anak o ang hinamong impormasyon sa sinumang partido, ang paliwanag ay dapat ding ibunyag sa partidong iyon.

PAHINTULOT PARA SA PAGBUBUNYAG NG PERSONAL NA MAKIKILALANG IMPORMASYON**34 CFR §300.622**

Maliban kung ang impormasyon ay nakalagay sa mga talaan ng edukasyon, at ang pagbubunyag ay awtorisado nang walang pahintulot ng magulang sa ilalim ng FERPA, dapat munang makuha ang inyong pahintulot bago ibunyag ang personal na makikilalang impormasyon sa mga partido na iba pa sa mga opisyal ng mga kalahok na ahensiya. Maliban sa ilalim ng mga pangyayaring tinutukoy sa ibaba, ang inyong pahintulot ay hindi kinakailangan bago palabasin ang personal na makikilalang impormasyon sa mga opisyal ng mga kalahok na ahensiya para sa mga layuning tugunan ang kinakailangan ng Bahagi B (Part B) ng IDEA.

Ang inyong pahintulot, o pahintulot ng karapat-dapat na mag-aaral na tumuntong sa edad ng mayoriya sa ilalim ng batas ng Estado, ay dapat makuha bago palabasin ang personal na makikilalang impormasyon sa mga opisyal ng mga ahensiyang nagkakaloob o nagbabayad para sa mga pansamantalang serbisyo.

MGA PANANGGALANG**34 CFR §300.623**

Bawat kalahok na ahensiya ay dapat pangalagaan ang pagiging kompidensiyal ng personal na makikilalang impormasyon sa panahon ng pagkolekta, pagtatago, pagbubunyag, at pagsira.

Ang isang opisyal sa bawat kalahok na ahensiya ay dapat umako ng pananagutan para tiyakin ang pagiging kompidensiyal ng anumang personal na makikilalang impormasyon.

Lahat ng taong nangongolekta o gumagamit ng personal na makikilalang impormasyon ay dapat tumanggap ng pagsasanay o tagubilin hinggil sa mga polisiya at patakaran ng Estado tungkol sa pagiging kompidensiyal sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA at FERPA.

Ang bawat kalahok na ahensiya ay dapat mag-ingat, para sa pagsisiyasat ng publiko, ng pinakabagong listahan ng mga pangalan at posisyon ng mga kawani sa loob ng ahensiya na may karapatang gumamit sa mga personal na makikilalang impormasyon.

PAGSIRA NG IMPORMASYON**34 CFR §300.624**

Dapat ay ipaalam sa inyo ng Kagawaran kapag ang mga personal na makikilalang impormasyon na nakolekta, itinago, o ginamit sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA ay hindi na kailangan upang mabigyan ng mga serbisyong pang-edukasyon ang inyong anak.

Ang impormasyon ay dapat sirain sa inyong kahilingan. Gayunman, ang permanenteng talaan ng pangalan ng inyong anak, tirahan, at numero ng telepono, ang kanyang mga grado, talaan ng pagdalo sa klase, mga klaseng dinaluhan, antas ng gradong nakumpleto, at taon na nakumpleto ay maaaring panatilihin nang walang limitasyon sa panahon.

Sa inyong kahilingan, ang Kagawaran ay dapat ding magkaloob sa inyo ng karapatang gamitin ang mga talaan ng edukasyon bago sirain ang mga talaan.

MGA PATAKARAN NG ESTADO SA REKLAMO**MGA KAIBAHAN SA PAGITAN NG MGA PATAKARAN PARA SA MGA MARAPAT NA REKLAMO AT PAGDINIG AT PARA SA MGA REKLAMO SA ESTADO****34 CFR §§300.151 hanggang sa 300.153 at 300.507 hanggang sa 300.518**

HAR §§8-60-52 hanggang sa 8-60-54 at 8-60-61 hanggang sa 8-60-72

Ang mga regulasyon para sa Bahagi B (Part B) ng IDEA ay naglathala ng hiwalay na mga patakarang para sa mga reklamo sa Estado at para sa mga marapat na reklamo at pagdinig. Tulad ng ipinaliwanag sa ibaba, ang sinumang indibiduwal o anumang organisasyon ay maaaring maghain ng reklamo sa Estado na nagpaparatang ng isang paglabag sa anumang kinakailangan sa Bahagi B (Part B) ng Kagawaran. Kayo lamang o ang Kagawaran ang maaaring maghain ng marapat na reklamo sa anumang bagay kaugnay ng isang panukala o pagtanggap na pasimulan o baguhin ang pagkakakilanlan, pagtataya, o pang-edukasyong pagpupuwesto ng isang mag-aaral na may kapansanan, o ang pagkakaloob ng FAPE sa mag-aaral. Habang ang mga kawani ng Kagawaran sa pangkalahatan ay dapat lutasin ang isang reklamo sa Estado sa loob ng itinakdang panahon na 60 araw ng kalendaryo, maliban kung ang itinakdang panahon ay maayos na binigyan ng palugit, ang opisyal ng pagdinig na walang pinapanigan ay dapat magsagawa ng pagdinig ng marapat na reklamo (kung hindi malutas ng pulong ng resolusyon o ng pamamagitan), at magpalabas nang nakasulat na desisyon sa loob ng 45 araw ng kalendaryo pagkaraan ng katapusan ng panahon ng resolusyon, gaya ng inilalarawan sa dokumentong ito sa ilalim ng pamagat na **Proseso ng Resolusyon**, maliban kung ang opisyal ng pagdinig ay maggagawad ng partikular na palugit sa itinakdang panahon sa inyong kahilingan o sa kahilingan ng Kagawaran. Dapat isaalang-alang ng opisyal ng pagdinig ang negatibong epekto sa edukasyon ng mag-aaral kapag maggagawad ng palugit na panahon, ang kahilingan ng magulang o ng Kagawaran at ang kakayahan nilang maiwasan ang kinakailangan para sa palugit, ang mga negatibong epekto ng pagtanggap sa kahilingan para sa isang palugit, ang hangad ng IDEA at HAR 8-60 upang matiyak ang agarang pansin sa isang marapat na reklamo at kung ang palugit ay mapapawalang-bisa ang hangad ng IDEA at HAR 8-60 para sa kaginhawahan ng alinmang partidong kalahok. Ang reklamo sa Estado at ang marapat na reklamo, resolusyon at mga patakarang sa pagdinig ay inilarawan ng buong-buo sa ibaba. Ang mga modelong pormularyo (model forms) na tutulong sa inyo upang maghain ng marapat na reklamo at tutulong sa inyo o sa iba pang partido para maghain ng reklamo sa Estado ay inilarawan sa ilalim ng pamagat na **Mga Modelong Pormularyo**.

PAGPAPATIBAY NG MGA PATAKARAN NG REKLAMO SA ESTADO**34 CFR §300.151**

HAR §8-60-52

Pangkalahatan

Ang Kagawaran ay dapat magkaroon ng nakasulat na mga patakarang para sa:

1. Paglulutas ng anumang reklamo, kabilang ang reklamong inihain ng organisasyon o indibiduwal mula sa isa pang Estado;
2. Paghahain ng reklamo sa Kagawaran; at

3. Malawakang pagpapalaganap sa mga patakaran ng reklamo sa Estado sa mga magulang at iba pang interesadong mga indibiduwal, kabilang ang mga sentro ng pagsasanay para sa magulang at sentro ng impormasyon, nangangalaga at nagtataguyod na mga ahensiya, independiyenteng sentro ng tirahan, at iba pang naaangkop na mga institusyon.

Mga remedyo para sa pagtangga sa mga angkop na serbisyo

Sa paglutas ng reklamo sa Estado kung saan ay natuklasan ng Kagawaran ang isang kabiguan na magkaloob ng mga angkop na serbisyo, ang Kagawaran ay dapat tugunan ang:

1. Kabiguan na magkaloob ng mga angkop na serbisyo, kabilang ang aksiyong pagwawasto na angkop upang tugunan ang kailangan ng mga mag-aaral (gaya ng pambayad na mga serbisyo [compensatory services] o pagbibigay ng pera [monetary reimbursement]); **at**
2. Angkop na hinaharap na pagbibigay ng mga serbisyo para sa lahat ng mag-aaral na may kapansanan.

PINAKAMABABANG MGA PATAKARAN NG REKLAMO SA ESTADO

34 CFR §300.152

HAR §8-60-53

Limitasyon sa panahon; pinakamababang mga patakaran

Ang Kagawaran ay dapat magsama sa mga patakaran nito ng reklamo sa Estado ng limitasyon sa panahon na 60 araw ng kalendaryo pagkaraang maihain ang reklamo upang:

1. Magpatupad ng isang independiyenteng imbestigasyon sa lugar (on-site), kung ang Kagawaran ay nagpasiyang kinakailangan ang imbestigasyon;
2. Magbigay sa nagrereklamo ng pagkakataon na magsumite ng karagdagang impormasyon, pasalita man o nakasulat, tungkol sa mga paratang sareklamo;
3. Magkaloob sa Kagawaran ng pagkakataon na sumagot sa reklamo, kabilang, sa pinakamababa: (a) sa opsiyon ng Kagawaran, ang panukala na lutasin ang reklamo; **at** (b) pagkakataon para sa magulang na naghain ng reklamo at ang Kagawaran na boluntaryong sumang-ayon na magsagawa ng pamamagitan;
4. Magrepaso ng lahat ng mahahalagang impormasyon at gumawa ng independiyenteng pagtitiyak sa kung ang Kagawaran ay lumalabag sa kinakailangan ng Bahagi B (Part B) ng IDEA; **at**
5. Magpalabas nang nakasulat na desisyon sa nagrereklamo na tumutugon sa bawat paratang sa reklamo at naglalaman ng: (a) mga natuklasan na katotohanan at mga konklusyon; **at** (b) mga dahilan para sa kahuli-hulihang desisyon ng Kagawaran.

Palugit na panahon; kahuli-hulihang desisyon; pagpapatupad

Ang mga patakaran ng Kagawaran na inilarawan sa itaas ay dapat ding:

1. Magpahintulot lamang ng palugit na 60 araw ng kalendaryo kung: (a) may di-pangkaraniwang pangyayari hinggil sa isang partikular na reklamo sa Estado; **o** (b) kayo at ang Kagawaran ay boluntaryong sumasang-ayon na magpalugit upang malutas ang usapin gamit ang pamamagitan o alternatibong paraan ng resolusyon sa pagtatalo.

2. Magsama ng mga patakaran para sa mabisang pagpapatupad ng kahuli-hulihang desisyon ng Kagawaran, kung kailangan, kabilang ang: (a) mga aktibidad na teknikal na tulong; (b) mga negosasyon; **at** (c) mga pagwawastong aksiyon upang makamit ang pagsunod.

Reklamo sa Estado at mga marapat na pagdinig

Kung ang nakasulat na reklamo sa Estado ay tinatanggap na siya ring paksa ng marapat na pagdinig gaya ng inilalarawan sa ilalim ng pamagat na **Paghahain ng Marapat na Reklamo**, o ang reklamo sa Estado ay naglalaman ng maraming usapin kung saan ang isa o higit pa ay bahagi ng gayong pagdinig, isasantabi ng Estado ang anumang bahagi ng reklamo sa Estado na tinutugunan sa marapat na pagdinig hanggang matapos ang pagdinig. Ang anumang usapin sa reklamo sa Estado na hindi bahagi ng marapat na pagdinig ay dapat malutas gamit ang limitasyon sa panahon at mga patakaran inilalarawan sa itaas.

Kung ang usaping ihinapar sa reklamo sa Estado ay dati nang nadesisyon sa isang marapat na pagdinig na kalahok ang parehong partido (halimbawa, kayo at ang Kagawaran), kung gayon ang desisyon sa marapat na pagdinig ay may-bisa sa usaping iyon at dapat na ipaalam ng Kagawaran sa nagrereklamo na ang desisyon ay may-bisa.

Ang reklamong nagpapatupad ng kabiguan ng paaralang magpapatupad ng desisyon ng marapat na pagdinig ay dapat malutas ng Kagawaran.

PAGHAHAIN NG REKLAMO SA ESTADO

34 CFR §300.153

§8-60-54

Ang organisasyon o indibiduwal ay maaaring maghain ng isang may lagdang nakasulat na reklamo sa Estado sa ilalim ng mga patakaran inilarawan noong una.

Ipadala ang nakasulat na reklamo sa: Department's Complaints Management Program

E-mail address:
specialedcomplaints@k12.hi.us

Mailing Address:
Complaints Management Program
Monitoring and Compliance Branch
Office of the Deputy Superintendent
P.O. Box 2360
Honolulu, HI 96804

Ang reklamo sa Estado ay dapat samahan ng sumusunod:

1. Isang pahayag na ang Kagawaran ay lumabag sa kinakailangan ng Bahagi B (Part B) ng IDEA o mga regulasyon nito na nagpapatupad ng 34 CFR Part 300 o HAR 8-60;
2. Ang mga katotohanan kung saan nakabatay ang pahayag;
3. Lagda at kontak na impormasyon para sa panig na naghahain ng reklamo; at
4. Kung nagpapatupad ng mga paglabag hinggil sa isang partikular na mag-aaral:
 - (a) Ang pangalan at tirahan ng mag-aaral;
 - (b) Ang pangalan ng paaralang pinapasukan ng mag-aaral;
 - (c) Sa kaso ng mag-aaral o kabataan na walang tahanan, ang impormasyon kung saan maaaring kontakin ang mag-aaral, at ang pangalan ng paaralang pinapasukan ng mag-aaral;

- (d) Ang paglalarawan ng uri ng problema ng mag-aaral, kabilang ang mga katotohanan kaugnay sa problema; **at**
- (e) Ang iminungkahing resolusyon ng problema sa lawak na nalalaman at magagamit ng panig na naghain ng reklamo sa oras ng paghahain ng reklamo.

Ang reklamo ay dapat magparatang ng isang paglabag na naganap nang hindi lalampas sa isang taon bago ng petsa nang tinanggap ang reklamo gaya ng inilalarawan sa ilalim ng pamagat na ***Pagpapatibay ng mga Patakaran ng Reklamo sa Estado.***

Ang partidong naghahain ng reklamo sa Estado ay dapat magpadala ng kopya ng reklamo sa Complex Area Superintendent na sumasakop sa mag-aaral sa parehong panahon ng paghahain ng partido ng reklamo sa Kagawaran.

<http://www.hawaiipublicschools.org/DOE%20Forms/Special%20Education/WrittenComplaint.pdf>

MGA PATAKARAN NG MARAPAT NA REKLAMO**PAGHAHAIN NG MARAPAT NA REKLAMO****34 CFR §300.507**

HAR §8-60-61

Hawaii Revised Statutes (HRS) §302A-443(a)(2)

Pangkalahatan

Kayo o ang Kagawaran ay maaaring maghain ng isang marapat na reklamo hinggil sa anumang bagay na kaugnay ng isang panukala o pagtanggì upang pasimulan o baguhin ang pagkakakilanlan, pagtataya o pang-edukasyong pagpupuwesto ng inyong anak, o ang pagkakaloob ng FAPE sa inyong anak.

Ang marapat na reklamo ay dapat nagpapatang ng isang paglabag na naganap nang hindi lalampas sa 2 taon bago ninyo o ng Kagawaran nalaman, o dapat na nalaman, ang tungkol sa paratang na aksiyon na bumubuo sa batayan ng marapat na reklamo.

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa pagkakaroon ng libreng angkop na edukasyon sa mga pampublikong paaralan, at ipinuwesto ninyo ang inyong anak sa isang pribadong paaralan o pasilidad at may mga katanungan kayo hinggil sa pinansiyal na pananagutan para sa halaga ng pagpupuwesto, kabilang ang natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, ang marapat na pagdinig para sa pagbabalik sa ibinayad ay dapat hilingin sa loob ng 180 araw ng pagpapatala sa pribadong paaralan o pasilidad. Ang itinakdang 180 araw para sa pagpapatala ay nagsisimula sa unang araw ng pagpasok ng mag-aaral, gaya ng inilalarawan sa ilalim ng subheading na ***Kalatas ukol sa mga Limitasyon sa Pagkuha ng Ibinayad para sa Isang Panig na mga Pagpupuwesto sa mga Pribadong Paaralan.***

Ang itinakdang panahon na nasa itaas ay hindi maipapatupad sa inyo kung hindi kayo makakapaghain ng marapat na reklamo sa loob ng itinakdang panahon dahil sa:

1. Ang Kagawaran ay partikular na nagkamali sa pagsasabing nalutas na nito ang mga usapin na nakasaad sa reklamo; **o**
2. Ang Kagawaran ay hindi ipinagkaloob sa inyo ang kinakailangang impormasyon sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA.

Impormasyon para sa mga magulang

Dapat ipaalam sa inyo ng Kagawaran ang anumang libre o mababang halagang serbisyo ng batas at iba pang kaugnay na serbisyo na matatagpuan sa lugar kung hihilingin ninyo ang impormasyon, **o** kung kayo o ang Kagawaran ay naghahain ng marapat na reklamo.

MARAPAT NA REKLAMO**34 CFR §300.508**

HAR §8-60-62

Pangkalahatan

Upang humiling ng isang pagdinig, kayo o ang Kagawaran (o ang inyong abogado o abogado ng Kagawaran) ay dapat magsumite sa kabilang partido ng marapat na reklamo. Ang

reklamong iyon ay dapat na naglalaman ng lahat ng nakalista sa ibaba at dapat panatilihing kompidensiyal.

Ang Kagawaran ang may pananagutan sa pagsasagawa at halaga ng pagdinig.

Ang kahilingan para sa pagdinig ay maaaring ipadala sa angkop na complex area superintendent ng complex kung saan nakatala ang mag-aaral.

Nilalaman ng reklamo

Ang marapat na reklamo ay dapat naglalaman ng:

1. Pangalan ng mag-aaral;
2. Tirahan ng mag-aaral;
3. Pangalan ng paaralan ng mag-aaral;
4. Kung ang mag-aaral o kabataan ay walang tahanan, ang kontak na impormasyon ng mag-aaral at ang pangalan ng paaralan ng mag-aaral;
5. Paglalarawan ng uri ng problema ng mag-aaral kaugnay sa iminungkahi o tinanggihang aksiyon, kabilang ang mga katotohanan tungkol sa problema; **at**
6. Ang panukalang resolusyon ng problemang sa lawak ng nalalaman at magagamit ng partidong nagrereklamo (kayo o ang Kagawaran) sa oras na iyon.

Kinakailangang pasabi bago ang pagdinig sa marapat na reklamo

Kayo o ang Kagawaran ay hindi maaaring magkaroon ng marapat na pagdinig habang hindi pa ninyo o ng Kagawaran (o ang inyong abogado o abogado ng Kagawaran) naihahain ang marapat na reklamo na kabilang ang impormasyong nakalista sa itaas.

Pagkasapat ng reklamo

Upang sumulong ang marapat na reklamo, dapat itong maituring na sapat. Ang marapat na reklamo ay ituturing na sapat (natugunan ang mga kinakailangang nilalaman sa itaas) maliban kung ang partidong tumatanggap ng marapat na reklamo (kayo o ang Kagawaran) ay ipinagbigay-alam nang nakasulat sa opisyal ng pagdinig at iba pang partido, sa loob ng 15 araw ng kalendaryo ng pagkatanggap na reklamo, na ang tumatanggap na partido ay naniniwalang ang marapat na reklamo ay hindi natutugunan ang mga kinakailangang nakalista sa itaas.

Sa loob ng 5 araw ng kalendaryo ng pagkatanggap ng pasabi na itinuturing ng tumatanggap na partido (kayo o ang Kagawaran) na ang marapat na reklamo ay hindi sapat, ang opisyal ng pagdinig ay dapat magdesisyon kung ang marapat na reklamo ay tumutugon sa mga kinakailangang nakalista sa itaas, at kaagad ipagbigay-alam nang nakasulat sa inyo at sa Kagawaran.

Pagsususog sa reklamo

Kayo o ang Kagawaran ay maaari lamang gumawa ng mga pagbabago sa reklamo kung:

1. Inaaprobahan nang nakasulat ng ibang partido ang mga pagbabago at binibigyan ng pagkakataong malutas ang marapat na reklamo sa pamamagitan ng pulong ng resolusyon, na inilalarawan sa pamagat na ***Proseso ng Resolusyon; g***

2. Sa loob ng hindi lalampas sa 5 araw bago magsimula ang marapat na pagdinig, ang opisyal ng pagdinig ay maggagawad ng pahintulot para sa mga pagbabago.

Kung ang nagrereklamong partido (kayo o ang Kagawaran) ay gumawa ng mga pagbabago sa marapat na reklamo, ang itinakdang panahon para sa pulong ng resolusyon (sa loob ng 15 araw ng kalendaryo ng pagkatanggap ng reklamo) at ang panahon para sa resolusyon (sa loob ng 30 araw ng kalendaryo ng pagkatanggap ng reklamo) ay muling magsisimula sa petsa kung kailan inihain ang binagong reklamo.

Sagot ng Kagawaran sa marapat na reklamo

Kung ang Kagawaran ay hindi nagpadala sa inyo ng PWN, gaya ng inilalarawan sa ilalim ng pamagat na ***Naunang Nakasulat na Pasabi***, hinggil sa paksang nilalaman ng inyong marapat na reklamo, ang Kagawaran ay dapat, sa loob ng 10 araw ng kalendaryo ng pagkatanggap ng marapat na reklamo, magpadala sa inyo ng sagot na kabilang ang:

1. Paliwanag kung bakit ang Kagawaran ay nagmungkahi o tumanggi na gumawa ng aksiyong nakasaad sa marapat na reklamo;
2. Paglalarawan ng iba pang opsiyong isinasaalang-alang ng Pangkat ng IEP ng inyong anak at ang mga dahilan kung bakit ang mga opsiyong ito ay tinanggihan;
3. Paglalarawan ng bawat patakaran ng pagtataya, pagtatasa, talaan, o ulat na ginamit na batayan ng Kagawaran para sa aksiyong iminungkahi o tinanggihan; **at**
4. Paglalarawan ng iba pang sanhi na mahalaga sa aksiyong iminungkahi o tinanggihan ng Kagawaran.

Ang pagbibigay ng impormasyon sa mga aytem 1-4 sa itaas ay hindi humahadlang sa Kagawaran sa pagpapahayag na ang marapat na reklamo ay hindi sapat.

Sagot ng ibang partido sa marapat na reklamo

Maliban sa isinasaad sa ilalim ng subheading na makikita kaagad sa itaas, ***Sagot ng Kagawaran sa marapat na reklamo***, ang partido na tumatanggap ng marapat na reklamo ay dapat, sa loob ng 10 araw ng kalendaryo ng pagkatanggap ng reklamo, ipadala sa ibang partido ang sagot na partikular na tumutugon sa mga usapin sa reklamo.

MGA MODELONG PORMULARYO

34 CFR §300.509

HAR §8-60-63

Ang Kagawaran ay dapat gumawa ng mga modelong pormularyo (model forms) upang tumulong sa inyong maghain ng marapat na reklamo at tumulong sa inyo at sa ibang partido na maghain ng reklamo sa Estado. Gayunman, ang Kagawaran ay hindi maaaring mag-atas ng paggamit ng mga modelong pormularyong ito. Sa katunayan, maaari ninyong gamitin ang modelong pormularyo o isa pang angkop na pormularyo, hangga't naglalaman ito ng kinakailangang impormasyon para sa paghahain ng marapat na reklamo o ng reklamo sa Estado.

<http://www.hawaiipublicschools.org/DOE%20Forms/Special%20Education/RequestforDueProcessHearing.pdf>

PAMAMAGITAN**34 CFR §300.506**

HAR §8-60-60

Pangkalahatan

Ang Kagawaran ay dapat ipagamit ang pamamagitan upang payagan kayo at ang Kagawaran na malutas ang mga hindi pinagkakasunduang anumang bagay sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA, kabilang ang mga bagay na lumalabas bago ang paghahain ng marapat na reklamo. Kung gayon, ang pamamagitan ay magagamit upang malutas ang mga pagtatalo sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA, inihain man ninyo o hindi ang marapat na reklamo upang hilingin ang marapat na pagdinig gaya ng inilalarawan sa ilalim ng pamagat na ***Paghahain ng Marapat na Reklamo***.

Mga kinakailangan

Dapat tiyakin ng mga patakarang na ang proseso ng pamamagitan:

1. Ay boluntaryo sa inyong panig at sa panig ng Kagawaran;
2. Ay hindi ginamit upang tanggihan o maantala ang inyong karapatan para sa marapat na pagdinig, o upang tanggihan ang anumang iba pang karapatang isinasaad sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA; **at**
3. Ay isinasagawa ng isang kuwalipikado at walang pinapanigang tagapamagitan na sinanay sa mga mabisang paraan ng pamamagitan.

Ang Kagawaran ay dapat na may listahan ng mga kuwalipikadong tagapamagitan at alam ang mga batas at regulasyon hinggil sa pagkakaloob ng natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo. Ang Kagawaran ay dapat pumili ng mga tagapamagitan sa palambang (random) na paraan, halinhinan, o iba pang batayan na walang pinapanigan.

Ang Kagawaran ang may pananagutan sa gastos ng proseso ng pamamagitan, kabilang ang mga gastos sa mga pulong.

Ang bawat pulong sa proseso ng pamamagitan ay dapat itakda sa napapanahong paraan at ganapin sa isang lugar na maginhawa para sa inyo at sa Kagawaran.

Kung nalutas ninyo at ng Kagawaran ang pagtatalo gamit ang proseso ng pamamagitan, ang dalawang partido ay dapat pumasok sa isang legal na may-bisang kasunduan na naghahanda ng resolusyon at:

1. Nagsasaad na lahat ng talakayan habang nagaganap ang proseso ng pamamagitan ay mananatiling kompidensiyal at maaaring hindi gamitin bilang ebidensiya sa anumang kasunod na marapat na pagdinig o pamamaraang sibil; **at**
2. Nilagdaan ninyo at ng kinatawan ng Kagawaran na may kapangyarihang magpasiya para sa Kagawaran.

Ang nakasulat, nilagdaang kasunduan ng pamamagitan ay maipapatupad sa anumang hukuman ng Estado na may kakayahan at saklaw na kapangyarihan (isang hukuman na may kapangyarihan sa ilalim ng batas ng Estado upang lumitig ng ganitong uri ng kaso) o hukuman ng distrito ng Estados Unidos.

Ang mga talakayan habang ginaganap ang proseso ng pamamagitan ay dapat gawing kompidensiyal. Hindi ito maaaring gamitin bilang ebidensiya sa anumang hinaharap na marapat na pagdinig o pamamaraang sibil ng anumang hukumang Pederal o hukuman ng Estado ng isang Estado na tumatanggap ng tulong sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA 2004. (Ang mga partido ay hindi na kinakailangang lumagda sa isang pangako ng pagiging kompidensiyal bago magsimula ang pamamagitan.)

Kawalang pinapanigan ng tagapamagitan

Ang tagapamagitan ay:

1. Hindi maaaring isang kawani ng Kagawaran na kalahok sa edukasyon o pangangalaga ng inyong anak; **at**
2. Dapat walang personal o propesyonal na interes na sumasalungat sa katapatan ng layunin.

Ang tao na kuwalipikado bilang tagapamagitan ay hindi ituturing na isang kawani ng Kagawaran dahil lamang binayaran siya ng Kagawaran upang magsilbi bilang isang tagapamagitan.

PROSESO NG RESOLUSYON

34 CFR §300.510

HAR §8-60-64

Pulong ng Resolusyon

Sa loob ng 15 araw ng kalendaryo ng pagkatanggap sa pasabi ng inyong marapat na reklamo, at bago magsimula ang marapat na pagdinig, ang Kagawaran ay dapat makipag-pulong sa inyo at sa mga may kinalamang miyembro o mga miyembro ng Pangkat ng IEP na may partikular na kaalaman ng mga katotohanang nakasaad sa inyong marapat na reklamo. Ang pulong ay:

1. Dapat magsama ng isang kinatawan ng Kagawaran na may kapangyarihang gumawa ng desisyon sa ngalan ng Kagawaran; **at**
2. Maaaring hindi magsama ng abogado ng Kagawaran maliban kung kayo ay sasamahan ng isang abogado.

Kayo at ang Kagawaran ay magpapasiya ng mga may kinalamang miyembro ng Pangkat ng IEP na dadalo ng pulong.

Ang layunin ng pulong ay para talakayin ang inyong marapat na reklamo, at ang mga katotohanang bumubuo ng batayan ng reklamo, upang ang Kagawaran ay magkaroon ng pagkakataon na malutas ang pagtatalo.

Ang pulong ng resolusyon ay hindi kinakailangan kung:

1. Kayo at ang Kagawaran ay nagkasundo nang nakasulat na ipaubaya ang pulong; **o**
2. Kayo at ang Kagawaran ay nagkasundo na gamitin ang proseso ng pamamagitan, gaya ng inilalarawan sa pamagat na **Pamamagitan**.

Panahon ng Resolusyon

Kung hindi nalutas ng Kagawaran ang marapat na reklamo sa inyong kasiyahan sa loob ng 30 araw ng kalendaryo ng pagkatanggap ng marapat na reklamo (sa loob ng takdang panahon para sa proseso ng resolusyon), ang marapat na pagdinig ay maaaring maganap.

Ang 45 araw ng kalendaryo na itinakdang panahon para sa pagpapalabas ng kahuli-hulihang desisyon ng marapat na pagdinig, gaya ng inilalarawan sa pamagat na ***Mga Desisyon ng Pagdinig***, ay nagsisimula sa pagtatapos ng 30 araw ng kalendaryo na panahon ng resolusyon, na may ilang mga eksepsiyon para sa ginawang pagsasa-ayos sa 30 araw ng kalendaryo na panahon ng resolusyon, gaya ng inilalarawan sa ibaba.

Maliban kung saan kayo at ang Kagawaran ay kapwa sumang-ayon na ipaubaya ang proseso ng resolusyon o gumamit ng pamamagitan, ang inyong kabiguang lumahok sa pulong ng resolusyon ay mag-aantala sa mga itinakdang panahon para sa proseso ng resolusyon at marapat na pagdinig hanggang sa gawin ang pulong.

Kung pagkaraang gumawa ng sapat na mga pagsisikap at pagdokumento ng gayong pagsisikap, ay hindi nakaya ng Kagawaran na makuha ang inyong paglahok sa pulong ng resolusyon, ang Kagawaran ay maaaring humiling, sa katapusan ng 30 araw ng kalendaryo na panahon ng resolusyon, na ipawalang-saysay ng opisyal ng pagdinig ang inyong marapat na reklamo. Ang dokumentasyon ng ganoong mga pagsisikap ay dapat magsama ng talaan ng mga pagtatangka ng Kagawaran upang ayusin ang napagkasunduang oras at lugar, gaya ng:

1. Mga detalyadong talaan ng ginawa o tinangkang mga tawag sa telepono at ang mga resulta ng mga tawag na iyon;
2. Mga kopya ng sulat na ipinadala sa inyo at anumang mga sagot na tinanggap; at
3. Mga detalyadong talaan ng mga pagbisitang naganap sa inyong tahanan o lugar ng trabaho at ang mga resulta ng mga pagbisitang iyon.

Kung ang Kagawaran ay nabigong magdaos ng pulong ng resolusyon sa loob ng 15 araw ng kalendaryo ng pagkatanggap ng pasabi ng inyong marapat na reklamo o nabigong lumahok sa pulong ng resolusyon, maaari ninyong hingiin sa opisyal ng pagdinig na simulan ang 45 araw ng kalendaryo na itinakdang panahon para sa marapat na pagdinig.

Mga pag-aayos ng 30 araw ng kalendaryo na panahon ng resolusyon

Kung kayo at ang Kagawaran ay sumasang-ayon nang nakasulat na ipaubaya ang pulong ng resolusyon, kung gayon ang 45 araw ng kalendaryo na itinakdang panahon para sa marapat na pagdinig ay magsisimula sa susunod na araw.

Pagkatapos ng simula ng pamamagitan o pulong ng resolusyon at bago matapos ang 30 araw ng kalendaryo na panahon ng resolusyon, kung kayo at ang Kagawaran ay sumasang-ayon nang nakasulat na walang kasunduan ang posible, kung gayon ang 45 araw ng kalendaryo na itinakdang panahon para sa marapat na pagdinig ay magsisimula sa susunod na araw.

Kung kayo at ang Kagawaran ay sumasang-ayon na gamitin ang proseso ng pamamagitan ngunit hindi pa humantong sa isang kasunduan, sa katapusan ng 30 araw ng kalendaryo na panahon ng resolusyon ang proseso ng pamamagitan ay maaaring ipagpatuloy hanggang magkaroon ng kasunduan kung ang parehong partido ay sumasang-ayon nang nakasulat sa pagpapatuloy. Gayunman, kung kayo man o ang Kagawaran ay umurong mula sa proseso ng pamamagitan sa loob ng panahong ito ng pagpapatuloy, kung gayon ang 45 araw ng

kalendaryo na itinakdang panahon para sa marapat na pagdinig ay magsisimula sa susunod na araw.

Nakasulat na pag-aayos ng kasunduan

Kung ang resolusyon sa pagtatalo ay naabot sa pulong ng resolusyon, kayo at ang Kagawaran ay dapat pumasok sa isang legal na may-bisang kasunduan na:

1. Nilagdaan ninyo at ng kinatawan ng Kagawaran na may kapangyarihang magdesisyon para sa Kagawaran; **at**
2. Maipapatupad sa anumang hukuman ng Estado na may kakayahan at saklaw na kapangyarihan (isang hukuman ng Estado na may kapangyarihan upang lumitis ng ganitong uri ng kaso) o sa hukuman ng distrito ng Estados Unidos.

Panahon ng pagrepaso sa kasunduan

Kung kayo at ang Kagawaran ay pumasok sa isang kasunduan bilang resulta ng pulong ng resolusyon, ang alinman sa partido (kayo o ang Kagawaran) ay maaaring pawalang-bisa ang kasunduan sa loob ng 3 araw na may trabaho mula sa petsa na parehong nilagdaan ninyo at ng Kagawaran ang kasunduan.

MGA PAGDINIG SA MARAPAT NA REKLAMO**WALANG PINAPANIGANG MARAPAT NA PAGDINIG****34 CFR §300.511**

HAR §8-60-65

Pangkalahatan

Kapag ang marapat na reklamo ay inihain, kayo o ang Kagawaran na kasangkot sa pagtatalo ay dapat magkaroon ng pagkakataon sa isang walang pinapanigang marapat na pagdinig, gaya ng inilalarawan sa mga seksiyon ng **Marapat na Reklamo** at **Proseso ng Resolusyon**.

Opisyal ng pagdinig na walang pinapanigan

Sa pinakamababa, ang opisyal ng pagdinig ay:

1. Hindi dapat isang kawani ng Kagawaran o anumang ahensiya ng Estado na kalahok sa edukasyon o pangangalaga ng mag-aaral. Gayunman, ang tao ay hindi itinuturing na kawani ng ahensiya dahil lamang binabayaran siya ng ahensiya upang magsilbing opisyal ng pagdinig;
2. Hindi dapat nagtataglay ng personal o propesyonal na interes na sumasalungat sa pagiging tapat ng opisyal ng pagdinig sa layunin ng pagdinig.;
3. Dapat nakakaalam at nakakaunawa sa mga probisyon ng IDEA, mga regulasyon ng Pederal at Estado hinggil sa IDEA, at pambatas na pakahulugan ng IDEA ng mga korteng Pederal at Estado; **at**
4. Dapat ay nagtataglay ng kaalaman at kakayahang magsagawa ng mga pagdinig, at gumawa at sumulat ng mga desisyon, na sang-ayon sa naaangkop, pamantayang legal na pagsasagawa.

Ang Kagawaran ay dapat magtago ng listahan ng mga taong iyon na nagsisilbing mga opisyal ng pagdinig na kabilang ang pahayag ng mga kuwalipikasyon ng bawat opisyal ng pagdinig.

Paksa ng marapat na pagdinig

Ang partido (kayo o ang Kagawaran) na humiling ng marapat na pagdinig ay maaaring hindi magharap ng mga usapin sa marapat na pagdinig na hindi natugunan sa marapat na reklamo, maliban kung sumasang-ayon ang ibang partido.

Itinakdang panahon para sa paghiling ng pagdinig

Kayo o ang Kagawaran ay dapat humiling ng walang pinapanigang pagdinig sa marapat na reklamo sa loob ng 2 taon ng petsang nalaman ninyo o ng Kagawaran, o dapat na nalaman, ang tungkol sa usaping tinugunan ng reklamo.

Kalatas sa mga Limitasyon sa Pagbabalik ng mga Ibinayad sa Isang Panig na Pagpupuwesto sa mga Pribadong Paaralan

Ayon sa Binagong mga Kalatas Hawaii (Hawaii Revised Statutes), §302A-443 Mga patakarang administratibo ng pagdinig at kapangyarihan ng subpena kaugnay sa edukasyon ng mga mag-aaral na may kapansanan, ay may 180 araw na kalatas sa mga limitasyon sa pagbabalik ng mga ibinayad para sa isang panig na mga pagpupuwesto, kabilang ang natatanging

edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, sa mga pribadong paaralan. Gayon nga, kung kayo ay hindi sumasang-ayon sa pagkakaroon ng libreng naaangkop na edukasyon sa mga pampublikong paaralan at ilagay ang inyong anak sa isang pribadong paaralan o pasilidad at humingi ng bayad o kabayaran para sa halaga ng pagpupuwesto, kabilang ang natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, ang pagdinig para sa pagbabalik ng ibinayad sa natatanging edukasyon at/o mga kaugnay na serbisyo ay dapat hilingin sa loob ng 180 araw ng pagpapatala sa pribadong paaralan o pasilidad. Ang 180 araw na itinakdang panahon ng pagpapatala ay nagsisimula sa unang araw ng pagpasok ng mag-aaral.

Mga eksepsiyon sa itinakdang panahon

Ang nasa itaas na itinakdang panahon ay hindi angkop sa inyo kung hindi kayo makapaghahain ng marapat na reklamo dahilan sa:

1. Ang Kagawaran ay partikular na nagkamali sa pagsasabing nalutas na nito ang problema o usapin na inyong iniharap sa inyong reklamo; **o**
2. Ang Kagawaran ay hindi ibinigay sa inyo ang impormasyon na kinakailangan nitong ipagkaloob sa inyo sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA.

MGA KARAPATAN SA PAGDINIG

34 CFR §300.512

HAR §8-60-66

Pangkalahatan

May karapatan kayong maging kinatawan ng inyong sarili sa marapat na pagdinig. Bilang karagdagan, ang sinumang partido sa marapat na pagdinig (kabilang ang pagdinig kaugnay sa mga patakarang pandisiplina) ay may karapatan na:

1. Samahan at payuhan ng isang abogado at/o mga taong may natatanging kaalamano pagsasanay tungkol sa mga problema ng mga mag-aaral na may mga kapansanan;
2. Magharap ng ebidensiya at harapin, magtanong nang masinsinan, at mag-utos ng pagdalo ng mga saksi;
3. Ipagbawal ang paghaharap ng anumang ebidensiya sa pagdinig na hindi ibinunyag sa partidong iyon ng kahit 5 araw na may trabaho bago ang pagdinig;
4. Kumuha nang nakasulat, o, sa inyong opsiyon, elektronikong mga salita na talaan ng pagdinig; **at**
5. Kumuha nang nakasulat, o, sa inyong opsiyon, elektronikong pagtatala sa natuklasang katotohanan at mga desisyon.

Ang partidong nagpasimula ng marapat na reklamo ang may tungkulin na magpatunay, o may pananagutan ng pagpapatunay ng ebidensiya sa mga paratang ng reklamo.

Karagdagang pagbubunyag ng impormasyon

Sa loob ng 5 araw na may trabaho bago ang marapat na pagdinig, kayo at ang Kagawaran ay dapat magbunyag sa isa't isa ng lahat ng pagtatayang nakumpleto pagdating ng petsang iyon at mga rekomendasyon batay sa mga pagtatayang iyon na hangad ninyo o ng Kagawaran na gamitin sa pagdinig.

Ang opisyal ng pagdinig ay maaaring hadlangan ang sinumang partido na nabigong sumunod sa kinakailangang ito na magharap ng kaugnay na pagtataya o rekomendasyon sa pagdinig nang walang pahintulot ng ibang partido.

Mga karapatan ng magulang sa pagdinig

Dapat kayong bigyan ng karapatan na:

1. Dalhin ang inyong anak sa pagdinig;
2. Buksan ang pagdinig sa publiko; **at**
3. Ibigay sa inyo nang walang bayad ang talaan ng pagdinig, ang mga natuklasang katotohanan, at mga desisyon.

MGA DESISYON SA PAGDINIG

34 CFR §300.513

HAR §8-60-67

Mga desisyon ng opisyal ng pagdinig

Ang desisyon ng opisyal ng pagdinig sa kung ang inyong anak ay tumanggap ng FAPE ay dapat batay sa ebidensiya at mga katunayan na tuwirang may-kaugnayan sa FAPE.

Sa mga bagay na nagpapatang ng paglabag sa patakaran (gaya ng “hindi kumpletong Pangkat ng IEP” [an incomplete IEP Team]), ang opisyal ng pagdinig ay maaaring matuklasan na ang inyong anak ay hindi tumanggap ng FAPE kung ang mga paglabag lamang ng patakaran ay:

1. Nakialam sa karapatan ng inyong anak sa FAPE;
2. Makabuluhang nakialam sa inyong pagkakataong lumahok sa proseso ng paggawa ng desisyon hinggil sa pagkakaloob ng FAPE sa inyong anak; **o**
3. Naging sanhi upang ang inyong anak ay mawalan ng benepisyo sa edukasyon.

Wala sa mga probisyong inilarawan sa itaas ang maaaring magpakahulugan upang mahadlangan ang isang opisyal ng pagdinig mula sa pag-uutos sa Kagawaran na sumunod sa mga kinakailangan ng pampatakarang mga pananggalang na seksiyon ng mga regulasyon ng Pederal sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA (34 CFR §§300.500 hanggang sa 300.536).

Kasunod ng pagpupuwesto sa mag-aaral sa pribadong paaralan, o para sa patuloy na paglalagay sa pribadong paaralan, ang pribadong paaralan ay hindi maaaring mapagpasiyahan bilang angkop na pagpupuwesto ng opisyal ng pagdinig kung ang kagawaran ay hindi pinahintulutan na magampanan ang pananagutan nito na tiyakin ang pagkakaloob ng FAPE sa mag-aaral.

Hiwalay na kahilingan para sa marapat na pagdinig

Wala sa pampatakarang mga pananggalang na seksiyon ng mga regulasyon ng Pederal sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA (34 CFR §§300.500 hanggang sa 300.536; HAR §§8-60-55 hanggang sa 8-60-81) ang maaaring pakahulugan upang hadlangan kayo mula sa paghahain ng hiwalay na marapat na reklamo sa isang usaping hiwalay mula sa marapat na reklamo na nakahain na.

Mga natuklasan at desisyong ipinagkaloob sa lupon ng tagapayo at pangkalahatang publiko

Ang Kagawaran, pagkatapos burahin ang anumang personal na makikilalang impormasyon, ay dapat:

1. Ibigay ang natuklasan at mga desisyon sa marapat na pagdinig o apela sa lupon ng tagapayo ng natatanging edukasyon ng Estado; **at**
2. Isapubliko ang mga natuklasan at desisyong iyon.

MGA APELA**ANG KAHULI-HULIHANG DESISYON; APELA; WALANG PINAPANIGANG PAGREPASO****34 CFR §300.514**

HAR §8-60-68

Ang pagka-hindi na mababago na desisyon ng pagdinig

Ang nagawang desisyon sa marapat na pagdinig (kabilang ang pagdinig kaugnay sa mga patakarang pandisiplina) ay di-mababago, maliban na sinumang partidong kalahok sa pagdinig (kayo o ang Kagawaran) ay maaaring umapela sa desisyon sa pamamagitan ng pagsasampa ng aksiyong sibil, gaya ng inilalarawan sa ilalim ng pamagat na **Aksiyong Sibil, Kabilang ang Takdang Panahon kung saan lhahain ang mga Aksiyong Iyon.**

MGA ITINAKDANG PANAHOON AT KAGINHAWAHAN NG MGA PAGDINIG AT PAGREPASO**34 CFR §300.515**

HAR §8-60-69

Ang Kagawaran ay dapat tiyaking hindi lalampas ng 45 araw ng kalendaryo pagkaraan ng pagtatapos ng 30 araw ng kalendaryo na panahon para sa mga pulong ng resolusyon **o**, gaya ng inilalarawan sa ilalim ng subheading na **Mga Pag-aayos sa 30 araw ng kalendaryo na panahon ng resolusyon**, na hindi lalampas sa 45 araw ng kalendaryo pagkaraan ng pagtatapos ng inayos na takdang panahon:

1. Ang kahuli-hulihang desisyon ay naabot sa pandinig; **at**
2. Ang kopya ng desisyon ay ipinadala sa pamamagitan ng koreo sa bawat partido.

Ang opisyal ng pagdinig ay maaaring maggawad ng mga partikular na palugit ng panahon makalampas ng 45 araw ng kalendaryo na takdang panahon na inilarawan sa itaas sa kahilingan ng alinman sa partido (kayo o ang Kagawaran). Bawat palugit ay nararapat na hindi hihigit sa 45 araw. Para sa pagsasaalang-alang ng palugit, ang opisyal ng pagdinig ay nararapat isaalang-alang ang mga sumusunod:

1. Ang mga negatibong epekto ng pagbibigay ng palugit sa panahon kung saanang edukasyon ng mag-aaral ay naantala dahil sa palugit;
2. Ang kakayahan ng humihiling na partido upang maiwasan ang paghiling para sa isang palugit;
3. Kung ang kahilingan sa palugit ay mula sa nagpetisyon, ang nagpetisyon man ay may pagkakataon na sapat na maihanda bago ng paghahain para sa pagdinig;
4. Ang mga negatibong epekto ng pagtanggap sa kahilingan para sa isang palugit;
5. Ang hangad ng IDEA 2004 at HAR 8-60 na mapabilis ang hindi pormal na pamamaraang administratibo; at
6. Kung ang paggawad man ng kahilingan para sa palugit ay mapawalang-bisa sa hangad ng batas na pabor sa kaginhawahan ng mga partido.

Ang opisyal ng pagdinig ay nararapat na hindi magbigay ng palugit para sa pagdinig, maliban kung may mabigat na dahilan o partikular na pagpapamalas ng malubhang kahirapan. Ang

opisyal ng pagdinig ay nararapat sumagot nang nakasulat sa bawat kahilingan para sa isang palugit. Ang bawat sagot ay nararapat magsama ng natuklasang katotohanan at konklusyon kung bakit may mabuting dahilan. Ang bawat sagot ay nararapat maging bahagi ng mga talaan. Kung naggawad ng palugit, ang opisyal ng pagdinig ay nararapat magtakda ng bagong petsa para sa pagdinig at ipagbigay-alam nang nakasulat ang petsa sa mga partido.

Ang bawat pagdinig ay dapat isinagawa sa oras at lugar na makatwirang maginhawa sa inyo at sa inyong anak.

Wala sa HAR 8-60 (HAR §§8-60-56 hanggang sa 8-60-81) na humahadlang sa inyo mula sa paghahain ng isang hiwalay na marapat na reklamo sa usapin na hiwalay sa marapat na reklamo na naihain na.

MGA AKSIYONG SIBIL, KABILANG ANG TAKDANG PANAHON KUNG KAILAN MAGHAHAIN NG MGA AKSIYONG IYON

34 CFR §300.516

HAR §8-60-70

Pangkalahatan

Ang sinumang partido (kayo o ang Kagawaran) na hindi sumasang-ayon sa natuklasan at desisyon sa marapat na pagdinig (kabilang ang pagdinig kaugnay sa mga patakarang pandisiplina) ay may karapatang magharap ng aksiyong sibil hinggil sa bagay na paksa ng marapat na pagdinig. Ang aksiyon ay maaaring dalhin sa korte ng Estado na may kakayahan at saklaw na kapangyarihan (isang korte ng Estado na may kapangyarihang maglitis ng ganitong uri ng kaso) o sa korte ng distrito ng Estados Unidos nang walang pagsasaalang-alang sa halaga ng pagtatalo.

Limitasyon ng panahon

Ang partido (kayo o ang Kagawaran) na naghaharap ng aksiyon ay nararapat may 30 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng desisyon ng opisyal ng pagdinig upang maghain ng sibil na aksiyon.

Mga karagdagang patakaran

Sa anumang aksiyong sibil, ang korte ay:

1. Tumatanggap ng mga talaan ng mga pamamaraang administratibo;
2. Dumidinig ng karagdagang ebidensiya sa inyong kahilingan o sa kahilingan ng Kagawaran; **at**
3. Ibinabatay ang desisyon nito sa pangingibabaw ng ebidensiya at naggagawad ng kaginhawahan na napagpasiyahan ng korte na naaangkop.

Sa ilalim ng angkop na pangyayari, ang makatarungang kaginhawahan (judicial relief) ay maaaring kabilang ang pagbabalik ng ibinayad (reimbursement) ng matrikula sa pribadong paaralan at mga pambayad na serbisyo (compensatory services) sa edukasyon.

Saklaw ng kapangyarihan ng mga korte ng distrito

Ang mga korte ng distrito ng Estados Unidos ay may kapangyarihang magpasiya sa mga aksiyong inihain sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA nang hindi isinasaalang-alang ang halaga sa pagtatalo.

Alituntunin ng konstruksiyon

Wala sa Bahagi B (Part B) ng IDEA na nagbabawal o nagbibigay ng limitasyon sa mga karapatan, patakaran, at remedyong mayroon sa ilalim ng Saligang Batas ng Estados Unidos (U.S. Constitution), ang Batas ng Amerikanong May Kapansanan ng 1990 (Americans with Disabilities Act of 1990), Titulo V (Title V) ng Batas ng Rehabilitasyon ng 1973 (Rehabilitation Act of 1973) (Seksiyon 504), o iba pang batas ng Pederal na nagtatanggol sa mga karapatan ng mga mag-aaral na may mga kapansanan, maliban na bago ang paghahain ng isang aksiyong sibil sa ilalim ng mga batas na ito na naghahanap ng kaginhawahan na mayroon din sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA, ang mga marapat na patakarang inilarawan sa itaas ay dapat maubos sa parehong lawak na inaatas kung ang partido ay naghain ng aksiyon sa ilalim ng Bahagi B (part B) ng IDEA. Ito ay nangangahulugang kayo ay maaaring magkaroon ng mga remedyo na mayroon sa ilalim ng iba pang batas na nakasanib sa mga naroon sa ilalim ng IDEA, ngunit sa pangkalahatan, upang makakuha ng kaginhawahan sa ilalim ng nasa iba pang batas, dapat muna ninyong gamitin ang mga remedyong administratibong mayroon sa ilalim ng IDEA (marapat na reklamo; proseso ng resolusyon, kabilang ang mga pulong ng resolusyon; at walang pinapanigang mga patakaran ng marapat na pagdinig) bago tuwirang pumunta sa korte.

ANG PAGPUPUWESTO SA MAG-AARAL HABANG HINDI PA TAPOS ANG MARAPAT NA REKLAMO AT PAGDINIG

34 CFR §300.518

HAR §8-60-72

Maliban sa nakasaad sa ibaba sa ilalim ng pamagat na ***MGA PATAKARAN KAPAG NAGDIDIPLINA NG MGA MAG-AARAL NA MAY MGA KAPANSANAN***, kapag ang marapat na reklamo ay ipinadala sa iba pang partido, sa loob ng takdang panahon ng proseso ng resolusyon, at habang naghihintay ng desisyon ng anumang walang pinapanigang marapat na pagdinig o pamamaraan ng korte, maliban kung kayo at ang Kagawaran ay sumasang-ayon kundiman, ang inyong anak ay dapat manatili sa kanyang kasalukuyang pang-edukasyong pagpupuwesto.

Kung ang marapat na reklamo ay may kasamang aplikasyon para sa unang pagtanggap sa pampublikong paaralan, ang inyong anak, sa inyong pahintulot, ay dapat ilagay sa regular na programa ng pampublikong paaralan hanggang sa makumpleto ang lahat ng gayong mga pamamaraan.

Kung ang marapat na reklamo ay may kasamang aplikasyon para sa mga unang serbisyo sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA para sa isang mag-aaral na dumadaan mula sa pagdadala sa ilalim ng Bahagi C (Part C) ng IDEA papunta sa Bahagi B (Part B) ng IDEA at hindi na karapat-dapat para sa mga serbisyo ng Bahagi C (Part C) sa dahilang ang mag-aaral ay

naging tatlong taon, ang Kagawaran ay hindi inaatasan na magkaloob ng mga serbisyo ng Bahagi C (Part C) na tinatanggap ng mag-aaral. Kung ang mag-aaral ay natuklasang karapat-dapat sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA at sumang-ayon kayo na ang inyong anak ay tumanggap ng natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, kung gayon, habang naghihintay sa kinalabasan ng mga pamamaraan, ang Kagawaran ay dapat magkaloob nitong natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo na hindi kasali sa pagtatalo (kung saan ang mga ito ay parehong sinang-ayunan ninyo at ng Kagawaran).

Kung ang opisyal ng pagdinig sa marapat na pagdinig ay sumasang-ayon sa inyo na ang pagbabago ng pagpupuwesto ay naaangkop, ang pagpupuwesto na iyon ay dapat ituring bilang kasalukuyang pang-edukasyong pagpupuwesto ng inyong anak kung saan ang inyong anak ay mananatili habang naghihintay ng desisyon ng anumang walang pinapanigang marapat na pagdinig o pamamaraan ng korte.

BAYAD SA ABOGADO

34 CFR §300.517

HAR §8-60-71

Pangkalahatan

Sa anumang aksiyon o pamamaraang hinarap sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA, ang korte, sa pagpapasiya nito, ay maaaring magkaloob ng makatwirang bayad sa mga abogado bilang bahagi ng inyong gastos, kung kayo ay manaig (manalo).

Sa dahiling ang hangad ng pulong ng Resolusyon at Pamamagitan ay isang pagkakataon para sa magulang at Kagawaran upang malutas ang usapin at makagawa ng mga kasunduan para sa resolusyon, ang paglahok ng abogado sa pulong ng resolusyon at pamamagitan ay hindi mga karapatan sa alinmang partido. Kung inyong nadesisyunang naroon ang abogado at lumalahok sa mga pulong ng resolusyon o mga pulong ng pamamagitan, ang bayad ng abogado na sisingilin sa inyo ay maaaring hindi bayaran o akuin ng Kagawaran.

Sa anumang aksiyon o patakarang iniharap sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA, ang korte, sa kapasiyahan nito, ay maaaring magkaloob ng makatwirang bayad sa mga abogado bilang bahagi ng halaga na umiiral sa Ahensiyang Pang-edukasyon ng Estado, ang Kagawaran, na babayaran ng inyong abogado, kung ang abogado ay: (a) naghain ng reklamo o kaso sa korte na natuklasan ng korte na di-gaanong mahalaga, hindi makatwiran, o walang basihan; **o** (b) patuloy na nakikipag-asunto pagkaraang ang demanda ay malinaw na nagiging di-gaanong mahalaga, hindi makatwiran, o walang basihan; **o**

Sa anumang aksiyon o pamamaraan na iniharap sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA, ang korte, sa kapasiyahan nito, ay maaaring magkaloob ng makatwirang bayad sa mga abogado bilang bahagi ng halaga na umiiral sa Ahensiyang Pang-edukasyon ng Estado, ang Kagawaran, na babayaran ninyo o ng inyong abogado, kung ang inyong kahilingan para sa marapat na padinig o sa dakong huling kaso sa korte ay iniharap para sa anumang hindi wastong layunin, gaya ng para manligalig, na maging sanhi ng hindi kinakailangang pagka-antala, o sa hindi kinakailangang pagtaas ng halaga ng aksiyon o pamamaraan (pagdinig).

Pagkakaloob ng bayad

Ang korte ay magkakaloob ng makatwirang bayad sa mga abogado gaya ng sumusunod:

1. Ang bayad ay dapat nababatay sa halagang umiiral sa komunidad kung saan ang aksiyon o pamamaraan ay lumabas para sa uri at kalidad ng mga ipinagkaloob na mga serbisyo. Walang bonus o pamparami ang maaaring gamitin sa pagkalkula ng ipinagkaloob na bayad.
2. Ang bayad sa abogado ay maaaring hindi ibigay at ang mga kaugnay na gastos ay maaaring hindi bayaran sa anumang aksiyon o pamamaraan sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA para sa mga ginampanang serbisyo pagkaraang ang nakasulat na alok ng pagsasa-ayos ay ginawa sa inyo kung:
 - a. Ang alok ay ginawa sa loob ng panahong inutos sa Alituntunin 68 (Rule 68) ng Pederal na Alituntunin ng Patakarang Sibil (Federal Rules of Civil Procedure) o, sa kaso ng marapat na pagdinig o pagrepaso sa antas ng Estado, sa anumang oras na mahigit sa 10 araw ng kalendaryo bago magsimula ang pamamaraan;
 - b. Ang alok ay hindi tinanggap sa loob ng 10 araw ng kalendaryo; **at**
 - c. Ang korte o opisyal ng administratibong pagdinig ay natuklasan na ang ginhawang nakuha ninyo sa wakas ay hindi mas pabor sa inyo kaysa sa alok ng pagsasa-ayos.

Sa kabila ng mga ganitong pagbabawal, ang pagkakaloob ng bayad sa mga abogado at mga kaugnay na gastos ay maaaring ibigay sa inyo kung manaig kayo at sa kabuuan kayo ay mabigyang-katarungan sa pagtanggap ng alok ng pag-aayos.

3. Ang bayad ay maaaring hindi ipagkaloob kaugnay sa anumang pulong ng Pangkat ng IEP maliban kung ang pulong ay ginanap bilang resulta ng pamamaraang administratibo o aksiyon ng korte.

Ang bayad ay maaari ring hindi ipagkaloob para sa isang pamamagitan gaya ng inilalarawan sa ilalim ng pamagat na **Pamamagitan**.

Ang pulong ng resolusyon, gaya ng inilalarawan sa ilalim ng pamagat na **Proseso ng Resolusyon**, ay hindi itinuturing na isang pulong na tinawag bilang resulta ng administratibong pagdinig o aksiyon ng korte, at hindi rin itinuturing na administratibong pagdinig o aksiyon ng korte para sa mga layunin ng mga probisyong ito ukol sa bayad ng mga abogado.

Ang korte ay magbabawas, kung naangkop, ng halaga ng bayad sa mga abogado na ipinagkaloob sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA, kung matuklasan ng korte na:

1. Kayo, o ang inyong abogado, habang nagaganap ang aksiyon o pamamaraan, ay hindi makatwirang inantala ang kahuli-hulihang resolusyon ng pagtatalo;
2. Ang halaga ng bayad sa mga abogado kundi man awtorisadong ipagkakaloob ay hindi makatwirang mahigit sa bawat oras na bayad na umiiral sa komunidad para sa kaparehong mga serbisyo ng mga abogado na may sapat na parehong kakayahan, repustasyon, at karanasan;
3. Ang ginugol na oras at ipinagkaloob na mga serbisyong pambatas ay labis-labis kung isasaalang-alang ang kalikasan ng aksiyon o pamamaraan; **o**

4. Ang abogado na kumakatawan sa inyo ay hindi nagbigay sa Kagawaran ng angkop na impormasyon sa marapat na pasabi ng kahilingan gaya ng inilalarawan sa ilalim ng pamagat na ***Marapat na Reklamo***.

Gayunman, ang korte ay maaaring hindi bawasan ang bayad kung ang korte ay natuklasang ang Kagawaran ay hindi makatwirang inantala ang kahuli-hulihang resolusyon ng aksiyon o pamamaraan o may paglabag sa ilalim ng pampatakarang mga pananggalang na mga probisyon ng Bahagi B (Part B) ng IDEA.

MGA PATAKARAN KAPAG NAGDISIPLINA NG MGA MAG-AARAL NA MAY MGA KAPANSANAN**KAPANGYARIHAN NG TAUHAN NG PAARALAN****34 CFR §300.530**

HAR §8-60-75

Pagpapasiya ng isa-isang kaso

Ang tauhan ng paaralan ay maaaring isaalang-alang ang anumang bukod-tanging mga pangyayari batay sa isa-isang kaso kapag nagpapasiya kung ang pagbabago ng pagpupuwesto, na ginawa ayon sa sumusunod na mga kinakailangan kaugnay sa disiplina, ay naaangkop para sa isang mag-aaral na may kapansanan na lumalabag sa kodigo ng asal ng mga mag-aaral ng paaralan.

Pangkalahatan

Sa lawak na sila rin ay magsasagawa ng ganoong aksiyon para sa mga mag-aaral na walang mga kapansanan, ang mga tauhan ng paaralan ay maaari, nang hindi hihigit sa sunod-sunod na **10 araw ng paaralan**, na paalisin ang mag-aaral na may kapansanan na lumalabag sa kodigo ng asal ng mag-aaral mula sa kanyang kasalukuyang pagpupuwesto papunta sa isang angkop na pansamantalang alternatibong lugar na pang-edukasyon, isa pang lugar na pang-edukasyon, o pagsuspende.

Kapag ang mag-aaral na may kapansanan ay inalis mula sa kanyang kasalukuyang pagpupuwesto para sa kabuuang **10 araw ng paaralan** sa taon ding iyon ng paaralan, ang Kagawaran ay dapat, sa loob ng anumang kasunod na mga araw ng pag-aalis sa taon ng paaralan na iyon, magkaloob ng mga serbisyo sa lawak na inatas sa ilalim ng sub-heading na **Mga Serbisyo**. Ang mga pag-aalis ng mahigit sa 10 natitipon o sunod-sunod na araw ng paaralan sa taon ding iyon ng paaralan na iyon ay isang pagbabago ng pagpupuwesto (tingnan ang pamagat na **Pagbabago ng Pagpupuwesto Dahil sa Pandisiplinang Pag-aalis**).

Karagdagang kapangyarihan

Kung ang kilos o asal na lumabag sa kodigo ng asal ng mag-aaral ay hindi isang pagpapahiwatig ng kapansanan ng mag-aaral (tingnan ang subheading na **Pagpapasiya sa pagpapahiwatig**) at ang mungkahing pandisiplinang pag-aalis ay lumampas sa **10 sunod-sunod o natitipon na araw ng paaralan** sa isang taon ng paaralan, ang tauhan ng paaralan ay maaaring gamitin ang mga patakarang pandisiplina sa nasabing mag-aaral na may kapansanan sa parehong paraan at para sa parehong tagal ng panahon katulad sa mga mag-aaral na walang mga kapansanan, maliban na ang paaralan ay dapat magkaloob ng mga serbisyo sa mag-aaral na iyon gaya ng inilalarawan sa ilalim ng **Mga serbisyo**. Ang Pangkat ng IEP ng mag-aaral ang nagpapasiya ng pansamantalang alternatibong lugar na pang-edukasyon para sa gayong mga serbisyo.

Ang tauhan ng paaralan ay maaaring mag-utos ng krisis na pag-aalis (tingnan ang kahulugan sa ibaba) ng isang mag-aaral na may kapansanan mula sa kasalukuyang pagpupuwesto ng mag-aaral nang hanggang sa 10 sunod-sunod na araw ng paaralan alinsunod sa Kabanata 19 ng HAR (HAR Chapter 19) (HAR §8-19-7). Kung ang krisis na pag-aalis, kasama ng anumang mga naunang araw ng mga pandisiplinang pagsuspende o pag-aalis, ay lumampas sa 10 araw

ng paaralan, ang krisis na pag-aalis ay magdudulot lamang ng pagbabago ng pagpupuwesto kung ang mga pag-aalis ay nagpapamalas ng isang halimbawa sapagkat:

1. Ang kilos o asal ng mag-aaral ay sa kalahatan pareho sa kilos o asal ng mag-aaral sa mga naunang pangyayaring nagbunga ng serye ng mga pag-aalis; at
2. Ang karagdagang mga sanhi, gaya ng haba ng bawat pag-aalis, ang kabuuang tagal ng panahong naalis ang mag-aaral, at ang lapit ng mga pag-aalis sa pagitan ng bawat isa.

Ang krisis na pag-aalis ay nararapat na alinsunod sa HAR §8-19-7, kabilang ang karapatan ng mag-aaral na bumalik sa pagpasok sa paaralan hanggang sa ang pagtitiwalag alinsunod sa HAR §8-19-7 (a) ay hindi na kinakailangan.

“Krisis na pag-aalis (Crisis removal)” ay nangangahulugan ng agarang pagtitiwalag sa isang mag-aaral mula sa paaralan sa isang emerhensiya sa dahilang ang asal ng mag-aaral ay nagdudulot ng malinaw, agarang banta sa pisikal na kaligtasan ng sarili o ng iba, o ang mag-aaral ay lubhang nakakagambala na ang pagsasagawa ng agarang pag-aalis ng mag-aaral ay kinakailangan upang pangalagaan ang mga karapatan ng iba pang mag-aaral na ipagpatuloy ang kanilang edukasyon na malaya mula sa hindi nararapat na panggugulo.

Mga Serbisyo

Ang Kagawaran ay maaaring magkaloob ng mga serbisyo sa parehong mag-aaral na may kapansanan at mag-aaral na walang kapansanan na naalis mula sa kanyang kasalukuyang pagpupuwesto ng **10 araw ng paaralan o mas mababa** sa taon ng paaralang iyon. Ang mag-aaral ay maaaring pagkalooban ng alternatibong opsiyon sa edukasyon (gaya ng gawaing-bahay, mga proyekto, mga takdang-aralin sa klase) at ang mga serbisyo ay maaaring ipagkaloob sa isang pansamantalang alternatibong lugar na pang-edukasyon.

Ang mag-aaral na may kapansanan na naalis mula sa kanyang kasalukuyang pagpupuwesto sa loob ng **mahigit sa 10 araw ng paaralan sa isang taon ng paaralan** at ang kilos o asal ay hindi isang pagpapahiwatig ng kapansanan ng mag-aaral (tingnan ang subheading na **Pagpapasiya sa pagpapahiwatig**) o naalis sa ilalim ng natatanging pangyayari (tingnan ang subheading na **Natatanging pangyayari**) ay dapat:

1. Magpatuloy na tumanggap ng mga serbisyo sa edukasyon (gawin ang pagkakaroon ng FAPE) upang makaya ng mag-aaral na ipagpatuloy ang paglahok sa pangkalahatang kurikulum ng edukasyon, bagama’t nasa isa pang lugar (na maaaring isang pansamantalang alternatibong lugar na pang-edukasyon), at upang umunlad patungo sa pagtugon ng mga hangaring nakatakda sa IEP ng mag-aaral; **at**
2. Tumanggap, kung angkop, ng isang pagtatasa para sa inaasahang kilos o asal, at mga serbisyo ng pamamagitan kaugnay ng kilos o asal at mga bahagyang pagbabago, na binuo upang matugunan ang asal na paglabag upang hindi na ito muling mangyari.

Pagkaraan na ang mag-aaral na may kapansanan ay naalis mula sa kanyang kasalukuyang pagpupuwesto nang **10 araw ng paaralan** sa taon ding iyon ng paaralan na iyon, at **kung** ang kasalukuyang pag-aalis ay para sa **10 araw ng paaralan** na sunod-sunod o mas mababa **at** kung ang pag-aalis ay hindi isang pagbabago ng pagpupuwesto (tingnan ang kahulugan sa ibaba), **kung gayon** ang tauhan ng paaralan, sa pagsangguni sa kahit na isa sa mga guro ng mag-aaral, ay magpapasiya ng lawak kung aling mga serbisyo ang kailangan upang makaya ng mag-aaral na magpatuloy na lumahok sa pangkalahatang kurikulum ng edukasyon, bagama’t nasa isa pang lugar, at upang umunlad patungo sa pagtugon ng mga hangaring itinakda sa IEP ng mag-aaral.

Kung ang pag-aalis ay isang pagbabago ng pagpupuwesto (tingnan ang pamagat na ***Pagbabago ng Pagpupuwesto Dahil sa Pandisiplinang mga Pag-aalis***), ang Pangkat ng IEP ng mag-aaral ang magpapasiya ng naaangkop na mga serbisyo upang makaya ng mag-aaral na magpatuloy sa paglahok sa pangkalahatang kurikulum ng edukasyon, bagama't nasa isa pang lugar (na maaaring isang pansamantalang alternatibong lugar na pang-edukasyon), at upang umunlad patungo sa pagtugon ng mga hangaring nakatakda sa IEP ng mag-aaral.

Kung ang pag-aalis ay mahigit sa 10 natitipong araw sa taon ding iyon ng paaralan at isang krisis na pag-aalis, **kung gayon** ang tauhan ng paaralan, nang may pagsangguni sa kahit isa sa mga guro ng mag-aaral, ay magpapasiya sa lawak ng mga serbisyong kailangan upang makaya ng mag-aaral na magpatuloy na lumahok sa pangkalahatang kurikulum ng edukasyon, bagama't nasa isa pang lugar at upang umunlad patungo sa pagtugon ng mga hangarin na itinakda sa IEP ng mag-aaral.

Pagpapasiya sa pagpapahiwatig

Hindi kasali ang mga krisis na pag-aalis, sa loob ng **10 araw ng paaralan** na may anumang desisyong baguhin ang pagpupuwesto ng mag-aaral na may kapansanan dahil sa isang paglabag sa kodigo ng asal ng mag-aaral, ang Kagawaran, kayo, at iba pang may kinalamang miyembro ng Pangkat ng IEP (ayon sa napagpasiyahan ninyo at ng Kagawaran) ay dapat magrepasso ng lahat ng impormasyong may kinalaman sa tala ng mag-aaral, kabilang ang IEP ng mag-aaral, anumang pagmamasiid ng guro, at anumang kaugnay na impormasyon na inyong ibinigay upang matiyak:

1. Kung ang asal na pinag-uusapan ay sanhi ng kapansanan ng mag-aaral, o may tuwiran at malaking kinalaman sa kapansanan ng mag-aaral; **o**
2. Kung ang asal na pinag-uusapan ay tuwirang resulta ng kabiguan ng Kagawaran na ipatupad ang IEP ng mag-aaral.

Kung ipinasiya ng Kagawaran, ninyo, at ng iba pang may kinalamang miyembro ng Pangkat ng IEP ng mag-aaral na natugunan ang alinman sa mga kondisyong iyon, ang asal ay dapat matiyak na isang pagpapahiwatig ng kapansanan ng mag-aaral.

Kung ipinasiya ng Kagawaran, ninyo, at ng iba pang may kinalamang miyembro ng Pangkat ng IEP ng mag-aaral na ang asal na pinag-uusapan ay tuwirang resulta ng kabiguan ng Kagawaran na ipatupad ang IEP, ang Kagawaran ay dapat magsagawa ng agarang aksiyon upang malunasan ang ganoong mga kakulangan.

Pagpapasiya na ang kilos o asal ay isang pagpapahiwatig ng kapansanan ng mag-aaral

Kung ipinasiya ng Kagawaran, ninyo, at ng iba pang may kinalamang miyembro ng Pangkat ng IEP na ang asal ay isang pagpapahiwatig ng kapansanan ng mag-aaral, ang Pangkat ng IEP ay dapat:

1. Magsagawa ng pagtatasa ng inaasahang kilos o asal, maliban kung ang Kagawaran ay nakapagsagawa na ng pagtatasa ng inaasahang kilos o asal bago nangyari ang kilos a asal na nagbunga ng pagbabago ng pagpupuwesto, at magpatupad ng plano ng pamamagitan sa kilos o asal para sa mag-aaral; **o**
2. Kung nabuo na ang plano ng pamamagitan sa kilos o asal, repasuhin ang plano ng pamamagitan sa kilos o asal, at bahagyang baguhin ito, kung kinakailangan, upang matugunan ang kilos o asal.

Maliban sa inilalarawan sa ibaba sa ilalim ng subheading na ***Mga natatanging pangyayari***, dapat ibalik ng Kagawaran ang inyong anak sa pagpupuwesto kung saan tinanggal ang inyong anak, maliban kung kayo at ang Kagawaran ay sumasang-ayon sa pagbabago ng pagpupuwesto bilang bahagi ng bahagyang pagbabago ng plano ng pamamagitan sa kilos o asal.

Mga natatanging pangyayari

Kung ang kilos o asal man ay pagpapahiwatig o hindi ng kapansanan ng inyong anak, maaaring alisin ng tauhan ng paaralan ang mag-aaral sa isang pansamantalang alternatibong lugar na pang-edukasyon (na napagpasiyahan ng Pangkat ng IEP ng mag-aaral) nang hindi hihigit sa 45 araw ng paaralan, kung ang inyong anak ay:

1. Nagdadala ng sandata (tingnan ang kahulugan sa ibaba) sa paaralan o nagtataglay ng sandata sa paaralan, sa bakuran ng paaralan, o sa pagtitipon ng paaralan na nasa ilalim ng saklaw na kapangyarihan ng Kagawaran;
2. Alam na mayroon o gumagamit ng ipinagbabawal na gamot (tingnan ang kahulugan sa ibaba), o nagbebenta o nanghihikayat ng pagbebenta ng kontroladong substansiya (tingnan ang kahulugan sa ibaba), habang nasa paaralan, sa bakuran ng paaralan, o sa pagtitipon sa paaralan sa ilalim ng saklaw na kapangyarihan ng Kagawaran; **o**
3. Nagdulot ng malubhang pinsala sa katawan (tingnan ang kahulugan sa ibaba) ng isa pang tao habang nasa paaralan, sa bakuran ng paaralan, o sa pagtitipon sa paaralan na nasa ilalim ng saklaw na kapangyarihan ng Kagawaran.

Mga Kahulugan

Kontroladong substansiya (Controlled substance) ay nangangahulugan ng droga o iba pang substansiya na kinilala sa ilalim ng mga schedule I, II, III, IV, o V sa seksiyon 202(c) ng Batas ng Kontroladong mga Substansiya (Controlled Substances Act) (21 U.S.C. 812(c)). Kabilang din sa “kontroladong substansiya (controlled substance)” ang droga o substansiya gaya ng pakahulugan sa I hanggang sa V sa Kabanata 329 (Chapter 329), Mga Binagong Kalatas ng Hawaii (Hawaii Revised Statutes), Batas ng Pare-Parehong Kontroladong mga Substansiya (Uniform Controlled Substances Act).

Ipinagbabawal na gamot (Illegal drug) ay nangangahulugan ng kontroladong substansiya; ngunit hindi kabilang ang kontroladong substansiya na legal na tinataglay o ginagamit sa ilalim ng pangangasiwa ng isang lisensiyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o iyon ay legal na tinataglay o ginagamit sa anumang kapangyarihan sa ilalim ng Batas o sa ilalim ng anumang iba pang probisyon ng batas ng Pederal. Ang HAR 8-19 ay nagpapaliwanag ng kahulugan ng “ipinagbabawal na gamot (Illicit drugs)” bilang mga substansiya, ang pagtataglay, pamamahagi, paglulon, paggawa ng produkto, paggamit, pagbebenta o paghahatid, kung saan ay ipinagbabawal sa ilalim ng kabanata 329 (chapter 329), Mga Binagong Kalatas ng Hawaii (Hawaii Revised Statutes) at Kabanata 712 (Chapter 712), bahagi IV (part IV), Mga Binagong Kalatas ng Hawaii (Hawaii Revised Statutes).

Malubhang pinsala sa katawan (Serious bodily injury) ay may kahulugan na ibinigay sa terminong “malubhang pinsala sa katawan (serious bodily injury)” sa ilalim ng talata (3) ng subsection (h) ng seksiyon 365 ng titulo 18, Kodigo ng Estado Unidos [paragraph (3) of subsection (h) of section 1365 of title 18, United States Code].

Sandata (Weapon) ay may kahulugan sa ibinigay na terminong “mapanganib na sandata (dangerous weapon)” sa ilalim ng talata (2) ng unang subsection (g) ng seksiyon 930 ng titulo

18 (title 18), Kodigo ng Estados Unidos (United States Code). Ang HAR 8-19 ay nagbibigay ng kahulugan sa “mapanganib na sandata (dangerous weapon)” bilang instrumento na ang nag-iisang disenyo at layunin ay upang magdulot ng pinsala sa katawan o kamatayan. Ang mga halimbawa ng gayong mga instrumento kabilang ngunit hindi limitado sa dirk, dagger, butterfly knife, switchblade knife, blackjack, slug shot, bill, metal knuckles, o iba pang sandata na nagdulot ng pinsala sa katawan o kamatayan.

Pagbibigay-alam

Sa petsa na gumawa ang Kagawaran ng desisyon ng pag-aalis na isang pagbabago ng pagpupuwesto ng inyong anak dahil sa isang paglabag sa kodigo ng asal ng mag-aaral, ay dapat ipagbigay-alam ng Kagawaran sa inyo ang desisyong iyon, at bigyan kayo ng pasabi sa pampatakarang mga pananggalang.

PAGBABAGO NG PAGPUPUWESTO DAHIL SA PANDISIPLINANG PAG-AALIS

34 CFR §300.536

HAR §8-60-81

Ang pag-aalis ng inyong anak na may kapansanan mula sa kasalukuyang pang-edukasyong kinalalagyan ay isang **pagbabago ng pagpupuwesto** kung:

1. Ang pag-aalis ay para sa sunod-sunod na mahigit na 10 araw ng paaralan; **o**
2. Ang serye ng pag-aalis ay may kabuuang mahigit sa 10 araw ng paaralan sa isang taon ng paaralan.

PAGPAPASIYA SA LUGAR NA PAGPUPUWESTUHAN

34 CFR § 300.531

HAR §8-60-76

Ang Pangkat ng IEP ang nagpapasiya sa pansamantalang alternatibong lugar na pang-edukasyon para sa mga pag-aalis na **mga pagbabago ng pagpupuwesto**, at ang mga pag-aalis sa ilalim ng mga subheading na **Karagdagang kapangyarihan** at **Mga natatanging pangyayari**.

APELA

34 CFR § 300.532

HAR §8-60-77

Pangkalahatan

Maaari kayong maghain ng marapat na reklamo (tingnan ang pamagat na **Mga Kaparaanan ng Marapat na Reklamo**) upang humiling ng marapat na pagdinig kung kayo ay hindi sumasang-ayon sa:

1. Anumang desisyon hinggil sa isinagawang pagpupuwesto sa ilalim ng mga probisyon ng disiplina; **o**
2. Pagpapasiya ng pagpapahiwatig na inilalarawan ilalim ng subheading na **Pagpapasiya ng Pagpapahiwatig**.

Ang Kagawaran ay maaaring maghain ng marapat na reklamo (tingnan ang pamagat na **Mga Patakaran ng Marapat na Reklamo**) upang humiling ng marapat na pagdinig kung naniniwala ito na ang pagpapanatili sa kasalukuyang pagpupuwesto sa inyong anak ay sa kalahatan malamang na magdulot ng pinsala sa inyong anak o sa iba.

Kapangyarihan ng opisyal ng pagdinig

Ang opisyal ng pagdinig na tumutugon sa mga kinakailangang inilalarawan sa ilalim ng subheading na **Opisyal ng pagdinig na walang pinapanigan** ay dapat magsagawa ng marapat na pagdinig at gumawa ng desisyon. Ang opisyal ng pagdinig ay maaaring:

1. Ibalik ang inyong anak na may kapansanan sa pagpupuwesto kung saan siya inalis kung nagpasiya ang opisyal ng pagdinig na ang pag-aalis ay isang paglabag sa mga kinakailangan na inilalarawan sa pamagat na **Kapangyarihan ng Tauhan ng Paaralan**, o ang kilos o asal ng inyong anak ay isang pagpapahiwatig ng kapansanan ng inyong anak; **o**
2. Mag-utos ng pagbabago ng pagpupuwesto ng inyong anak na may kapansanan sa isang angkop na pansamantalang alternatibong lugar na pang-edukasyon nang hindi hihigit sa 45 araw ng paaralan kung ang opisyal ng pagdinig ay nagpasiya na ang pananatili sa kasalukuyang pagpupuwesto ng inyong anak ay sa kalahatan malamang na magdulot ng pinsala sa inyong anak o sa iba.

Itong mga patakaran ng pagdinig ay maaaring ulitin, kung ang Kagawaran ay naniniwala na ang pagbabalik sa inyong anak sa orihinal na pagpupuwesto ay sa kalahatan malamang na magdulot ng pinsala sa inyong anak o sa iba.

Kapag kayo o ang Kagawaran ay naghain ng marapat na reklamo upang humiling ng gayong pagdinig, dapat isagawa ang pagdinig na tumutugon sa mga kinakailangan na inilalarawan sa ilalim ng mga pamagat na **Mga Patakaran ng Marapat na Reklamo, Mga Pagdinig sa mga Marapat na Reklamo**, maliban sa sumusunod:

1. Ang Kagawaran ay dapat magsa-ayos ng isang agarang marapat na pagdinig, na dapat maganap sa loob ng **20** araw ng paaralan ng petsa na inihain ang kahilingan sa pagdinig at dapat magresulta sa isang pagpapasiya sa loob ng **10** araw ng paaralan pagkatapos ng pagdinig.
2. Maliban kung kayo at ang Kagawaran ay sumasang-ayon nang nakasulat na ipauubaya ang pulong, o sumasang-ayong gagamit ng pamamagitan, ang pulong ng resolusyon ay dapat maganap sa loob ng **7** araw ng kalendaryo ng pagkatanggap ng pasabi ng marapat na reklamo. Ang pagdinig ay maaaring matuloy maliban kung nalutas ang usapin sa kasiyahan ng parehong panig sa loob ng **15** araw ng kalendaryo ng pagkatanggap ng marapat na reklamo.
3. Ang itinakdang panahon para sa pagbubunyag ng ebidensiya at mga pagtataya ay maaaring mas mababa sa 5 araw na may pasok at dapat itakda ng opisyal ng pagdinig sa kumperensiya bago ng pagdinig (pre-hearing conference).

Kayo o ang Kagawaran ay maaaring umapela sa desisyon sa agarang marapat na pagdinig sa parehong paraan katulad ng mga desisyon sa ibang marapat na pagdinig (tingnan ang pamagat na **Apela**).

PAGPUPUWESTO HABANG MAY MGA APELA

34 CFR §300.533

HAR §8-60-78

Kapag, gaya ng inilalarawan sa itaas, naghain kayo o ang Kagawaran ng marapat na reklamo kaugnay sa mga paksang pandisiplina, ang inyong anak ay dapat (maliban kundiman kayo at ang Kagawaran ay sumasang-ayon) na mananatili sa pansamantalang alternatibong lugar na pang-edukasyon habang naghihintay ng desisyon ng opisyal ng pagdinig, o hanggang ang pagtatapos ng takdang panahon ng pag-aalis gaya ng nakasaad at inilarawan sa ilalim ng pamagat na ***Kapangyarihan ng Tauhan ng Paaralan***, alinman ang maunang maganap.

MGA PROTEKSIYON PARA SA MGA MAG-AARAL NA HINDI PA KARAPAT-DAPAT PARA SA NATATANGING EDUKASYON AT MGA KAUGNAY NA SERBISYO

34 CFR §300.534

HAR §8-60-79

Pangkalahatan

Kung ang inyong anak ay hindi pa natitiyak na karapat-dapat para sa natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo at lumabag sa kodigo ng asal ng mag-aaral, ngunit ang Kagawaran ay may kaalaman (gaya ng isinasaad sa ibaba) bago ang kilos o asal na naging dahilan ng naganap na aksiyong pandisiplina, na ang inyong anak ay mag-aaral na may kapansanan, kung gayon ang inyong anak ay maaaring mag-angkin ng anumang proteksiyong inilalarawan sa pasabing ito.

Batayan ng kaalaman para sa mga paksang pandisiplina

Ang Kagawaran ay ipapalagay na may kaalaman na ang inyong anak ay isang mag-aaral na may kapansanan kung, bago ang kilos o asal na naging dahilan ng naganap na aksiyong pandisiplina ay:

1. Nagpahayag kayo nang nakasulat tungkol sa alalahanin sa nangangasiwa o administratibong tauhan ng paaralan ng inyong anak, o sa guro ng inyong anak, na ang inyong anak ay nangangailangan ng natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo;
2. Humiling kayo ng pagtataya hinggil sa pagiging karapat-dapat para sa natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA; **o**
3. Nagpahayag ang guro ng inyong anak o iba pang tauhan ng Kagawaran ng partikular na alalahanin tungkol sa halimbawa ng kilos o asal ng inyong anak na ipinamalas nang tuwiran sa nangangasiwa o administratibong tauhan ng paaralan ng inyong anak o sa iba pang nangangasiwang tauhan ng Kagawaran.

Eksepsiyon

Hindi ipapalagay na ang Kagawaran ay may gayong kaalaman kung:

1. Hindi ninyo pinahintulutan ang pagtataya sa inyong anak o tumanggi sa mga serbisyo para sa natatanging edukasyon; **o**
2. Ang inyong anak ay sumailalim sa pagtataya at natiyak na hindi isang mag-aaral na may kapansanan sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA.

Mga kondisyong angkop kung walang batayan ng kaalaman

Kung bago sa pagsagawa ng mga paraang pandisiplina laban sa inyong anak, ay walang kaalaman ang Kagawaran na ang inyong anak ay isang mag-aaral na may kapansanan, gaya ng inilalarawan sa itaas sa ilalim ng mga sub-heading na ***Batayan ng kaalaman para sa mga paksang pandisiplina*** at ***Eksepsiyon***, ang inyong anak ay maaaring sumailalim sa mga paraang pandisiplina na pinapairal sa mga mag-aaral na walang kapansanan na kasangkot sa maihahambing na mga kilos o asal.

Gayunman, kung ang kahilingan ay ginawa para sa pagtataya ng inyong anak sa takdang panahon na ang inyong anak ay sumasailalim sa mga paraang pandisiplina, ang pagtataya ay dapat maisagawa sa agarang paraan.

Hanggang sa makumpleto ang pagtataya, ang inyong anak ay mananatili sa pang-edukasyong kinalalagyan na napagpasiyahan ng mga awtoridad ng paaralan, na maaaring kabilang ang pagsuspinde o pagtitiwalag ng walang mga serbisyong pang-edukasyon.

Kung ang inyong anak ay natiyak na isang mag-aaral na may kapansanan, na nagsasaalang-alang sa impormasyon mula sa pagtatayang isinagawa ng Kagawaran, at sa impormasyong inyong ibinigay, ang Kagawaran ay dapat magkaloob ng natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo na naaayon sa Bahagi B (Part B) ng IDEA, kabilang ang mga kinakailangang pandisiplina na inilalarawan sa itaas.

PAGSANGGUNI AT AKSIYON NG NAGPAPATUPAD NG BATAS AT MGA AWTORIDAD NG HUKUMAN**34 CFR §300.535**

HAR §8-60-80

Ang Bahagi B (Part B) ng IDEA ay hindi:

1. Nagbabawal sa ahensiya sa pagbibigay ng ulat sa angkop na awtoridad hinggil sa krimeng ginawa ng mag-aaral na may kapansanan; **o**
2. Humahadlang sa pagpapatupad ng batas ng Estado at mga awtoridad ng hukuman mula sa pagganap ng kanilang mga pananagutan hinggil sa pagpapairal ng mga batas ng Pederal at Estado sa mga krimeng ginawa ng mag-aaral na may kapansanan.

Pagpapadala ng mga talaan

Kung nag-ulat ang Kagawaran ng krimeng ginawa ng mag-aaral na may kapansanan, ang Kagawaran ay:

1. Dapat matiyak na ang mga kopya ng natatanging edukasyon at mga talaan ng pagdidisiplina sa mag-aaral ay naipadala para sa pagsasaalang-alang ng mga awtoridad na tumanggap ng ulat ng ahensiya ukol sa krimen; **at**
2. Maaaring ipadala ang mga kopya ng natatanging edukasyon at mga talaan ng pagdidisiplina sa lawak na pinapahintulutan lamang ng FERPA.

MGA KINAKAILANGAN PARA SA ISANG PANIG NA PAGPUPUWESTO NG MGA MAGULANG NG MGA MAG-AARAL SA MGA PRIBADONG PAARALAN SA GASTOS NG PUBLIKO**PANGKALAHATAN****34 CFR §300.148**

HAR §8-60-27

Ang Bahagi B (Part B) ng IDEA ay hindi nag-aatas sa Kagawaran na bayaran ang halaga ng edukasyon, kabilang ang natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, ng inyong anak na may kapansanan sa isang pribadong paaralan o pasilidad kung ipinagkaloob ng Kagawaran ang FAPE sa inyong anak at pinili ninyong ilagay ang mag-aaral sa isang pribadong paaralan o pasilidad. Gayunman, dapat ibilang ng Kagawaran ang inyong anak sa populasyon na ang mga kailangan ay tinutugunan sa ilalim ng mga probisyon ng Bahagi B (Part B) hinggil sa mga mag-aaral na inilagay ng kanilang mga magulang sa isang pribadong paaralan sa ilalim ng 34 CFR §§300.131 hanggang sa 300.144 at HAR §§8-60-21 hanggang sa 8-60-27.

Kabayaran para sa pagpupuwesto sa pribadong paaralan

Kung ang inyong anak ay dati nang tumatanggap ng natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa ilalim ng kapangyarihan ng Kagawaran, at pinili ninyong ipatala ang inyong anak sa pribadong preschool, paaralang elementarya, o mataas na paaralan nang walang pahuntulot o pagsangguni sa Kagawaran, maaaring utusan ng hukuman o ng isang opisyal ng pagdinig ang Kagawaran na bayaran kayo sa gastos ng pagpapatalang iyon kung napatunayan ng hukuman o ng opisyal ng pagdinig na hindi ipinagkaloob ng Kagawaran ang FAPE sa inyong anak sa napapanahong paraan bago ang pagpapatalang iyon at ang pribadong pagpupuwesto ay naaangkop. Maaaring mapatunayan ng opisyal ng pagdinig o ng korte na naaangkop ang inyong pagpupuwesto, kahit na ang pagpupuwesto ay hindi tumutugon sa mga pamantayan ng Estado na umiiral sa edukasyong ipinagkaloob ng Kagawaran.

Para sa isang mag-aaral na patuloy ang kinalalagyan sa pribadong paaralan, ang pagpapasiya ng opisyal ng pagdinig sa angkop na kinalalagyan ay hindi nararapat isagawa maliban kung ang Kagawaran ay pinahihintulutan ng pribadong paaralan na gampanan ang panangutan nito upang matiyak ang pagkakaloob ng FAPE sa mag-aaral.

Dapat hilingin ang isang pagdinig para sa pagbabalik ng mga ibinayad sa halaga ng pribadong pagpupuwesto, kabilang ang natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, sa loob ng 180 araw ng pagpapatala sa pribadong paaralan o pasilidad. (Tingnan ang dagdag na pagtalakay sa ilalim ng subheading na ***Kalatas ukol sa mga Limitasyon sa Pagkuha ng mga Ibinayad sa mga Pagpupuwesto ng Isang Panig sa mga Pribadong Paaralan.***)

Limitasyon ng pagbabalik ng ibinayad

Ang halaga ng kabayaran na inilarawan sa talata sa itaas ay maaaring bawasan o tanggihan:

1. Kung: (a) Sa pinakahuling pulong ng IEP na inyong dinaluhan bago ninyo inalis ang inyong anak sa pampublikong paaralan, ay hindi ninyo ipinaalam sa Pangkat ng IEP na inyong tinututulan ang pagpupuwesto na iminungkahi ng Kagawaran upang magkaloob ng FAPE sa inyong anak, kabilang ang pagsasabi ng inyong alalahanin at ng inyong hangad na ipatala ang inyong anak sa pribadong paaralan gamit ang gastos ng publiko; o (b) Kahit sa loob ng 10 araw na may trabaho (kabilang ang anumang mga pista

opisyal na naganap sa araw na may trabaho) bago ninyo inalis ang inyong anak sa pampublikong paaralan, ay hindi kayo nagbigay nang nakasulat na pasabi sa Kagawaran tungkol sa impormasyong iyon;

2. Kung, bago ninyo inalis ang inyong anak sa pampublikong paaralan, ay nagbigay muna ang Kagawaran ng naunang nakasulat na pasabi sa inyo ukol sa hangad nitong gumawa ng pagtataya sa inyong anak (kabilang ng isang pahayag ng layunin ng pagtataya na naaangkop at makatwiran), ngunit hindi ninyo pinapunta ang mag-aaral para sa pagtataya; **o**
3. Kapag napatunayan ng korte na ang inyong mga aksiyon ay hindi makatwiran.

Gayunman, ang halaga ng ibabalik na ibinayad ay:

1. Hindi dapat bawasan o tanggihan dahil sa kabiguang ipagkaloob ang pasabi kung: (a) Hinadlangan kayo ng paaralan sa pagbibigay ng pasabi; (b) Hindi ninyo natanggap ang pasabi tungkol sa inyong pananagutan na magbigay ang pasabi na inilalarawan sa itaas; o (c) Ang pagsunod sa mga kinakailangan sa itaas ay malamang na magdudulot ng pisikal na kapahamakan sa inyong anak; **at**
2. Hindi maaari, ayon sa kapasiyahan ng korte o ng opisyal ng pagdinig, na bawasan o tanggihan dahil sa inyong kabiguang magbigay ng kailangang pasabi kung: (a) Hindi kayo nakapag-aral o hindi marunong magsulat sa Ingles; o (b) Ang pagsunod sa kinakailangan sa itaas ay malamang na magdudulot ng malubhang emosyonal na kapahamakan sa inyong anak.

PAGLILIPAT NG MGA KARAPATAN**PAGLILIPAT NG MGA KARAPATAN NG MAGULANG SA EDAD NG MAYORIYA**

34 CFR §300.520

HAR §8-60-74

Kapag ang mag-aaral na may kapansanan ay umabot sa edad ng 18, ang lahat ng karapatang ipinagkaloob sa mga magulang sa ilalim ng Bahagi B (Part B) ng IDEA at HAR 8-60 ay ililipat sa mag-aaral, maliban kung ang mag-aaral ay napatunayang walang-kakayahan/may kakulangan sa paggawa ng desisyon sa ilalim ng batas ng estado. Kapag ang mga karapatan ay inilipat sa mag-aaral na nasa hustong gulang, ang Kagawaran ay patuloy na magkakaloob ng anumang pasabi na inaatas ng IDEA at HAR 8-60 sa kapwa mag-aaral at mga magulang,

Ang Binagong mga Kalatas ng Hawaii (Hawaii Revised Statutes) §§302A-491 hanggang sa 302A-498 ay nagkakaloob sa mag-aaral na nasa hustong gulang ng tatlong (3) opsiyon sa paggawa ng desisyong pang-edukasyon:

- Paghirang ng ahente sa pamamagitan ng (limitadong) gawad na kapangyarihan ng abogado para sa natatanging edukasyon upang gumawa ng mga desisyong pang-edukasyon sa kanilang ngalan;
- Paghirang ng isang kinatawang pang-edukasyon para sa mag-aaral na nasa hustong gulang na kulang sa kakayahang magdesisyon upang gumawa ng mga desisyong pang-edukasyon para sa kanyang sarili; o
- Paghirang ng isang tagapag-alaga, na itinalaga sa pamamagitan ng korte, para sa mag-aaral na nasa hustong gulang na kulang ang kakayahang magdesisyon upang gumawa ng mga desisyong pang-edukasyon para sa kanyang sarili.

IBA PANG TUMUTULONG NA MGA SERBISYO

<p>Community Children's Council Office 4680 Kalaniana'ole Hwy., TB1A Honolulu, HI 96821</p> <p>Telephone: (808) 305-0695 Email: familypartnerships@k12.hi.us Website: www.hawaiipublicschools.org/ParentsAndStudents/SupportForParents/Pages/CCC.aspx</p>	<p>Leadership in Disabilities & Achievement of Hawaii 245 N. Kukui Street, Suite 205 Honolulu, HI 96817</p> <p>Telephone: (808) 536-9684 Website: www.ldahawaii.org E-mail: info@ldahawaii.org</p>
<p>Hawaii Disability Rights Center 1132 Bishop St., Suite 2102 Honolulu, HI 96813</p> <p>Telephone: (808) 949-2922 Toll Free: (800) 882-1057 Website: www.hawaiidisabilityrights.org E-mail: info@hawaiidisabilityrights.org</p>	<p>Legal Aid Society of Hawaii 924 Bethel Street Honolulu, HI 96813</p> <p>Telephone: Oahu (808) 536-4302 Toll Free: (800) 499-4302 Website: www.legalaidhawaii.org</p>
<p>Hawaii Families as Allies P.O. Box 1971 Aiea, HI 96701</p> <p>Telephone: (808) 682-1511 Website: http://www.hifamilies.org E-mail: hfaa@hfaa.net</p>	<p>Mediation Center of the Pacific 1301 Young Street 2nd floor Honolulu, HI 96814</p> <p>Telephone: (808) 521-6767 Website: https://www.mediatehawaii.org E-mail: mcp@mediatehawaii.org</p>
<p>Hawaii State Bar Association Alakea Corporate Tower 1100 Alakea Street, Suite 1000 Honolulu, HI 96813</p> <p>Telephone: (808) 537-1868 Website: https://hsba.org E-mail: webinfo@hsba.org</p>	<p>Special Parent Information Network 1010 Richards Street, Room 118 Honolulu, HI 96813</p> <p>Telephone: (808) 586-8126 Website: www.spinhawaii.org E-mail: spin@doh.hawaii.gov</p>

Para sa tulong na maunawaan ang mga probisyon na inilarawan sa polyetong ito, o para sa mga kopya ng polyetong ito, mangyari lamang na tumawag sa mga sumusunod na mga tanggapan ng Kagawaran ng Edukasyon (Department of Education):

<p>STATE OFFICE: (808) 307-3600</p> <p>OAHU:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Central (808) 622-6432 • Honolulu (808) 784-6680 • Leeward (808) 675-0384, -0335 • Windward (808) 784-5940 <p>KAUAI: (808) 274-3502</p>	<p>HAWAII:</p> <ul style="list-style-type: none"> • East (808) 974-4401 • West (808) 323-0015 • North (808) 775-8895 • South (808) 982-4252 <p>MAUI: (808) 873-3520</p> <p>MOLOKAI/ LANAI: (808) 553-1723</p>
---	---

Mga Alituntuning Administratibo ng Hawaii (Hawaii Administrative Rules), Titulo 8 (Title 8), Kagawaran ng Edukasyon (Department of Education), Kabanata 60 (Chapter 60) (Pagkakaloob ng Libreng Naaangkop na Pampublikong Edukasyon para sa Mag-aaral na May Kapansanan (Provision of a Free Appropriate Public Education for a Student with a Disability)) at Kabanata 34 (Chapter 34), Proteksiyon ng mga Karapatang Pang-edukasyon at Pagka-pribado ng mga Mag-aaral at Magulang (Protection of Educational Rights and Privacy of Students and Parents) ay matatagpuan sa website ng Lupon ng Edukasyon (Board of Education): <http://boe.hawaii.gov>

